# Ang Tatak Ng Halimaw

Pagpalain kayo ng Panginoon. Magandang umaga, mga kaibigan. Natutuwa akong maparitong muli sa araw na ito. At nakikita kong may kainitan banda riyan sa likuran, at kung nais nilang lakasan ang alin man sa mga bentilador, aba'y, magiging mabuti iyan. Nahuli ako nang bahagya. Parati akong nahuhuli nang bahagya. Subalit ang mga tawag sa telepono at mga bagay ang nakaantala sa akin, at lalo na nang tumawag ang tagapangasiwa at sinabi sa akin kung saan gaganapin ang mga pagtitipong darating.

2 Kaya, sa susunod na Linggo, magsisimula tayo sa peryahan sa Shreveport, sa isang malaking tolda, sa susunod na Linggo upang magdaos ng dalawang linggong gawain. Ang unang linggo, ay gawaing tungo sa pangangaral lang, ng Ebanghelyo. At ang ikalawang linggo naman, ay gawain ukol sa pagpapagaling. At pagkatapos mula sa ika-lima hanggang sa ika-siyam, ito'y sa Saskatoon, Saskatchewan, Canada, doon sa arenang yelo, kung saan kami ay naroroon ilang taon na ang nakaraan. At pagkatapos, sa panahong iyon, babalik tayo at magtutungo sa California, para naman sa malakihang pang-limampung taong pagtitipoon ng Azusa Street. At sa baybayin ng California, at sa palibot ng San Francisco, sa dako roon. May ilang pagtitipong naihanda. At ang mga ito ay makukuha ni Kapatid na Cox sa lalong madaling panahon, sa sandaling ang mga ito ay maitakda natin.

3 Ngayon, ako'y nagagalak na maging Cristiano sa umagang ito. Sadyang wala akong anumang alam na hihigit pa sa pagiging Cristiano. Naiisip ko ang tungkol sa mga taong nagdaan at tungkol sa naaksayang buhay. At nag-iisip ako, noong nakaraang araw, dahil sa apatnapu't pitong taon na ako ngayon, naisip ko, "Kung maibabalik ko lang ang dalawampu't tatlong taong iyon na ipinamuhay ko sa mundo!" Dalawampu't tatlong taon ako bago naging ministro ng Ebanghelyo, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. At kung mapapabalik ko lang ang mga taong iyon, nais kong gawin ito dahil sa iisang layunin, ang gugulin iyon sa pangangaral ng Ebanghelyo, para sa pagliligtas ng mga kaluluwa.

4 Wala nang hihigit pa kaysa sa makita ang isang kaluluwa na isinilang na muli sa Kaharian ng Diyos. At naaalala ko ang mga taon ng aking paglalakad sa sanlibutan, kung saan, ang akala ko ay, maganda na ang aking buhay. Tungkol naman sa mga moral, Ako. . .Lubos akong pinagpala ng Panginoon upang ako ay, hindi maging imoral, at naglalasing, naninigarilyo, palabuy-laboy, imoral ang buhay. Ngunit gayon

pa man, aking. . .Iniisip kong ako'y isang taong mabuti, ngunit isang araw, dinala ako ng Panginoon sa higaan ng kamatayan, at naunawaan kong walang anumang mabuti sa akin noon. Na iyon. . .kailangang magkaroon ako ng karanasan ng pagiging isinilang na muli.

5 At nang iniligtas ako ng Panginoong Jesus, Hindi ko sinasabing ang lahat ay naging totoong mabuti simula noon, subalit ganoon na lamang ang taglay kong kasiyahan sa pagkakaalam na anuman ang mangyari, ang lahat ay mabuti. Kita n'yo? Na, at ako ay may kapayapaan sa Diyos, na nalampasan ang lahat ng pag-unawa. Minsan, hindi ko maintindihan ang mga bagay na iyon, ngunit sa pagkakaalam ko sa Kaniyang Salita ay ipinangako Niyang, ang lahat ay para sa ikabubuti, kung gayon ito'y mabuti. Iyon ang nagsaayos nito magpakailanman.

6 Ngayon, sa araw na ito, ipinaalam ko ang paksang ituturo ko: *Ang Tatak Ng Halimaw*, na isang napakahalagang paksa. At ito, marahil, ay susubukan kong tunguhin mula sa isang— isang paninindigan. . .Buweno, ang paksang iyan ay maaaring abutin. . .Maaari akong manatili rito ng tatlo o apat na buwan, araw-araw, at mapasa Kasulatan pa rin sa dakilang paksang iyan.

7 Subalit naisip ko, sa araw na ito, dahil sa mananalangin tayo para sa mga may sakit, pagkatapos ng sesyon ng Panlinggong Aralin sa umagang ito. . .Marami sa mga tao ang nakikipagtipon dito para sa pagpapagaling, at sila ay naghihintay sa mga motel at hotel, at hinihintay ang umagang ito, kung kailan sila'y makapapasok upang mapanalanginan. At ayaw nating kunin ang kanilang nalalabing panahon.

8 Kaya kung pasisimulan ko ang paksa, at pagkatapos ay magpapatuloy, sa loob ng ilang araw, sa aking muling pagbabalik; marahil sa pagitan ng dalawang pagtitipong iyon, at muling magbabalik pagkatapos noon. Sisikapin kong magpatuloy, kung loloobin ng Panginoon, sa paksang: *Ang Tatak Ng Halimaw*. At kayo. . . .Sa pagtuturo ng *Ang Tatak Ng Halimaw*, kailangan mong magkaroon ng *Ang Selyo Ng Diyos*, para tumakbong sabay nito 'pagkat ang mga ito ay tumatakbong magkaagapay.

9 Ngayon, sa napakahalagang paksang ito, bago natin ito tunguhin, kausapin natin ang May Akda ng Salita, ang Panginoong Jesus, sa maikling panalangin, kung tayo'y magsisiyuko.

10 Aming butihing Amang Makalangit, lumalapit kami ngayon sa Iyo, nang may pagpapakumbaba sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na Iyong Anak. At humihingi ng Banal na awa at gabay sa Kasulatan. Dahil napag-uunawa ko, na dito sa harapan ko ay nakaupo ang binili ng Kaniyang Dugo. At isang

Salitang maihayag nang mali ay maaaring magtaboy sa ilang kaluluwa. Subalit ang tamang Salita na naipahayag sa tamang panahon, at sa tamang lugar, ay maaaring magpalapit sa isang napariwarang makasalanan kay Cristo. Kaya, tulungan Mo kami, Diyos na Mahal. At selyohan Mo ang aming mga labi sa anumang bagay na sasalungat sa Iyong Banal na Kalooban. Batid Mo ang bawat puso, at batid Mo ang pangangailangan ng bawat puso. At dumadalangin kami na hahayaan Mong kunin ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos at patnubayan Ito sa bawat puso, ayon sa aming pangangailangan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo, na Iyong Anak. Amen.

11 Ngayon, sa ika-13 kabanata ng—ng Apocalipsis ni Jesus Cristo, nais nating bumasa ng isang bahagi mula riyan, at gayon din mula sa ika-14 na kabanata ng Aklat ng Apocalipsis.

12 Ngayon, may isang—isang upuan na naririto, isang munting bangko, kung nais ni Kapatid na Fleeman, na kunin ito para sa ilan sa kanilang mga nasa likuran, ito'y tabing-tabi sa dingding na naririto, aba'y, higit pa sa malugod kayong inaanyayahang makaupo.

13 Ang ating munting simbahan marahil ay hindi sapat, marahil para sa dami—ng mga tao, subalit tayo'y. . .Ang mga tao ay nagsisidating at hindi makakuha ng upuan, at pagkatapos sila ay nagsisibalik. Subalit tayo ay nagsimula rito, at ito'y isang munting sagradong dako, at sadyang mahal natin ito nang buong puso natin. At ating—sadyang nais nating manatili sa loob ng munti at lumang mga pader na ito, sapagkat bumaba ang Diyos ng maraming beses at pinagpala tayo sa loob ng mga pader na ito.

14 Ngayon, sa ika-13 kabanata, at simula sa. . .Tingnan natin, magsimula tayo sa bandang ika-11 talata ng ika-13 kabanata ng Apocalipsis.

> *At nakita ko ang isang halimaw na umaahon sa lupa;. . .siya'y may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon.*
>
> *At kaniyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang halimaw sa kaniyang paningin at pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang halimaw, na gumaling ang sugat na ikamamatay.*
>
> *At siya'y gumagawa ng mga dakilang tanda, na ano pa't. . .nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang. . .lupa sa paningin ng mga tao.*
>
> *At nadadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya'y ipinagkaloob na magawa*

*sa paningin ng halimaw; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan ng halimaw na mayroon ng sugat ng tabak at nabuhay.*

*At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan ng halimaw, upang ang larawan ng halimaw ay makapangusap, at maipapatay naman… ang lahat ng…sumasamba sa larawan ng halimaw.*

*At siya ang nagpasimula ng lahat, maliliit… malalaki, mayayaman…mga dukha, mga laya…mga* alipin, *ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay,* at *sa kanilang* noo;

At…*walang sinomang makabili o makapagbibili, kundi siyang mayroong tanda, o ang pangalan ng halimaw o bilang ng kaniyang pangalan.*

*Dito'y may karunungan. Ang* may *pagkaunawa ay bilangin ang* mga bilang *ng halimaw; sapagka't* siyang *bilang ng isang tao;…ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim.*

15 Sa ika-14 na kabanata ay mababasa natin ito.

*At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa,…angkan,…wika, at bayan;*

*At sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng* mga langit, *at ng lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng* tubig.

*At ang iba, ang pangalawang anghel, ay sumunod* sa kaniya *na nagsasabi,* Naguguho, naguguho *ang Babilonia, ang dakilang lungsod, na siyang nagpainom sa lahat na bansa* mula sa *alak ng kagalitan ng kaniyang pakikiapid.*

*At ang ibang anghel, ang pangatlo, ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, Kung ang sinoman ay sumasamba sa halimaw at sa kaniyang larawan,* o *tumatanggap ng tanda sa kanilang noo, o…kamay,*

*Ay iinom din naman siya ng…ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng… kagalitan; at…pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Kordero:*

16 Ngayon, ang dakilang paksang ito na tinutungo natin, ay tunay na naging dahilan ng malaking pagtatalo, at may umaayon at may lumalaban, sa—sa paksang ito. At ako, mismo,

ay naniniwala na ito'y isang lubhang dakila't mahalagang bahagi ng Kasulatan. Na, lahat ng Kasulatan ay dapat na maituro, ang kabuuan Nito. Hindi natin dapat iwanan ang anuman Dito. Ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ng Kasulatan, tungkol sa tatak ng halimaw, at kung papaanong ito ay lilitaw sa huling mga araw. At bilang isang ministro ng Ebanghelyo, na naniniwalang tayo'y nabubuhay na sa huling mga araw, naniniwala akong ito'y isang napapanahong Mensahe na dapat tunguhin nang buong-pagpipitagan sa araw na ito.

17 Ngayon marami nang mga kaisipan ang naisiwalat sa mga tao, patungkol sa mahalaga't, isinugo ng Diyos na Mensaheng ito, na nagbabala sa Iglesia. Marami nang mga bagay ang naisip at naibigay sa mga tao sa kung ano ba ang tatak ng halimaw na ito. At, mangyari pa, tulad ng lahat ng iba pang Kasulatan, nagiging dahilan ito ng paglitaw ng mga kulto. At, subalit, tiyak na, kung may gayong bagay na nakatakdang mangyari sa mga tao sa lupa, kinakailangang mayroong ilang Ebanghelyo makahulugan, sagot sa katanungang ito.

18 Kung itinalaga ito ng Diyos nang ganito, na yaong mga tumanggap nito ay pahihirapan sa Presensiya ng Kordero, at ng Anghel, sa apoy at asupre, at ito'y magiging isang Walang Hanggan, at walang katapusang kahatulan para sa mga tatanggap ng dakilang tatak na ito, kailangan nating magkaroon ng pagkaunawa kung ano ito. At, pagkatapos, hindi ito dapat na tunguhin sa pamamagitan ng kaunting pangkaisipang teolohiya. Dapat itong tunguhin sa pamamagitan ng Kasulatan. Ang Kasulatan ay kailangang tumugon sa kapuwa Kasulatan.

19 Napag-uunawa natin na sa pagbabasa ng Biblia, hindi mo Ito binabasa tulad ng pagbasa mo ng pahayagan. Sapagkat, dati nang karunungan ng Espiritu Santo na itago ang maraming mga bagay sa mata ng pantas at matalino. At ito ay ihahayag sa mga sanggol na nais matuto. Nais ng Diyos yaong nagugutom, upang magawa Niyang dalhin sila sa isang tabi at paupuin, at sabihing, "Narito ito, anak Ko. Ito na yon. Hindi ito nauunawaan ng sanlibutan, ngunit kayo'y makauunawa. Kita n'yo, kita n'yo? Hayaan itong magkaganito".

20 Kung gayon, lahat ng Kasulatan, na ipinagkaloob sa pamamagitan ng inspirasyon, ay nararapat maipaliwanag sa pamamagitan din ng inspirasyon. At gayon din ang Kasulatan ay kinakailangang tumugma sa Kasulatan.

21 At naisip ko, marahil, siguro, ngayon, na dahil iyan ay napag-unawa ko sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, at ang ministeryong inilaan Niya sa akin, upang dalhin sa mga tao, kung papaanong ang mga tao ay nanghahawakan sa mga salita at nangungunyapit sa mga ito, sa tuwina'y sinisikap kong

tunguhin Ito nang buong pagpipitagan, sa paraang hindi makasarili sa abot ng aking nalalaman. Sapagkat, at sa pamamagitan din ng Kasulatan, at kung ito ay hindi tumutugma sa Kasulatan, kung magkagayo'y hindi ko ito pinakikialaman.

22 Ngayon, ito ay nasabi na nang maraming ulit, ito'y ipinalalabas na rito ilang taon na ang nakalipas. Naaalala ko, bilang isang batang ministro, na ayaw ng mga taong ilagay yaong munting "N.R.A." sa kanilang bintana, ang sabi, "Iyan ang tatak ng halimaw." Ilang ulit nang ipinalalabas na, iyon ay, ang herarkiya ng Vatican, ang papa ng Roma. At kadalasan, ang iba't—ibang tauhan ay lumilitaw, tulad nina Adolf Hitler, Mussolini, at marami sa mga iyon, na iyon daw ang "halimaw", at iba pa.

23 Ngayon, bilang isang taong hindi nakapagaral, sinisikap kong gamitin ang Kasulatan sa Lumang Tipan bilang isang tipo, o isang anino ng Bago. Binababala ng Diyos ang lahat ng bagay bago ito mangyari, sa lahat ng kapanahunan, hindi kailanman, hindi nangyaring minsan itong nabigo, sa lahat ng kapanahunan.

24 Ngayon, naisip ko, sa umagang ito, na ito ay magiging isang mainam na panahon upang balikan at kunin ang tatak ng halimaw noong ito'y baguhan pa lamang, o, nasa sinaunang anyo nito, kung saan ito nagsimula. At totoong magkakaroon ng isang tao, isang lalaki, na magwawakas nito sa huling mga araw. Subalit ito'y naianino na noon pa, sa pasimula, at gayon din ito'y naianino patungo sa inyong buhay, at naianino sa bawat kapanahunan ng iglesia. At pagkatapos ito ay hahantong sa isang positibong lugar, sa isang tao sa huling mga araw.

25 Ngayon, upang ito ay matalakay, na sa pakiwari ko'y aabutin ito ng maraming linggong pagtuturo sa Biblia. Subalit dahil, ngayon, ay maikli at limitado ang ating panahon, kukunin natin ito doon sa baguhang anyo nito, o, hindi. . . Hindi iyon ang ibig kong sabihin. Ang ibig kong sabihin, ay sa kaniyang sinaunang anyo, ang kaniyang pinagmulan, at ito'y dalhin, kung ano ang pasimula ng tatak ng halimaw. Paano mo ito matatanggap?

26 Tiyak akong walang sinuman sa atin ang kailanman ay nagnanais nito. Sapagkat, yaong mga may taglay nito, ay tiyak na hindi kailanman makatatayo sa Presensiya ng Diyos. At nakatakda sa huling araw, kung kailan ito'y maihahayag, at walang-alinlangang kailangang malaman natin ang ilang dahilan. O, kung ano ba ito?

27 Ngayon, kagabi, sa silong ng aming bahay. . .habang ako'y nag—aaral at nagbabasa ng Kasulatan, nagsasaliksik, tulad ng aking ginagawa, sa loob ng maraming linggo sa paksang ito.

28 Ngayon, minsan, sa pagsasalita sa magkakahalong tagapakinig tulad ng naririto ngayon, kapuwa lalaki at babae, minsan, ay gumagamit ako ng mga talinghaga upang maipaunawa ko ang aking punto, tila baga nakapagsasabi ako ng isang bagay na hindi aakma sa kalagitnaan ng isang magkakahalong lupon ng mga tao. Subalit, kung kayo ay nakaupo sa opisina ng isang duktor, gagawin nila ito. Makikinig ka sa kaniya, maging ikaw man, ay isang tinedyer na babae o lalaki, o sinuman. At tayo'y nasa bahay ng Diyos, kung saan kailangan nating magkaroon ng malilinis na kaisipan, at malilinis na puso. At kung wala tayo nito, ang lugar natin ay sa altar. Iya'y tama.

29 Kaya sa mga salitang ito, at hindi ko sinasadyang gumamit kailanman, ng anuman, upang patamaan ang mga tao. Kapag ginawa ko 'yan, kung gayo'y kailangan kong magtungo sa altar. Subalit ito'y upang maghatid ng Katotohanan ng Ebanghelyo, upang malaman Ito. Na, kapag hindi mo nasabi ang Katotohanan, sisingilin ito ng Diyos sa kamay ng pastor. Pagkatapos, kung ito'y naalis na sa pastor, patungo sa kongregasyon, kung magkagayo'y ang kongregasyon ang mananagot sa kanilang mga sarili.

30 Ngayon, ang buong luma, ang mga tipo, ang mga anino, si Cristo sa anino ng Kordero. Ang Diyos, dahil alam Niya ang lahat ng bagay sa pasimula, walang anumang naihula, o nailagay sa Kasulatan, kundi yaong binigkas na ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Ang buong plano ng Diyos ay nailatag na. Naniniwala ba kayo rito? Sa San Juan, unang kabanata, mga ikapitong talata, sinasabi Nito, "Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos."

31 Kung gayon ang Biblia noon, ay ang Diyos bago pa itatag ang sanlibutan. Ang tanging dahilan kaya Ito naisulat Dito, ay ang pagtanggap ng mga propeta, mula sa Diyos ng paunang kaalaman tungkol sa Kaniyang itinalagang plano ng mga kapanahunan.

32 Ang isang abogado ay pinag-aaralan ang lahat ng aklat, upang masumpungan ang lahat ng kaalaman sa abot ng kaniyang kakayanan, upang ito ay maipagkaloob niya sa kaniyang—kaniyang kliyente.

33 Buweno, ganoon din ang mga propeta, ang mga guro. Pinag-aaralan nila ang Salita.

34 Una, ang propeta ay nagtutungo sa Diyos, at ang Salita ay bumababa, at isinusulat niya Ito sa Biblia. At, ngayon, iyan ang itinalagang plano ng Diyos na nakita ng propeta. At isinulat niya Ito sa Salita upang ang mga taong magsisisunod ay mabalaan tungkol sa mga kalagayan at mga bagay na magaganap. Kita n'yo? Ngayon, sa pamamagitan ng

inspirasyon ang Salitang iyon ay binigkas ng Diyos; sa pamamagitan ng inspirasyon Ito'y hinatid ng mga propeta; at sa pamamagitan ng inspirasyon ay kailangan natin Itong tanggapin. Hindi ito materyal. Hindi ito isang natural na bagay. Hindi ito isang. . .

35 Ang karnal na pag-iisip. Makinig. Ang tao sa kaniyang karnal na kalagayan ay hindi kailanman makauunawa Nito. Hinding hindi. Imposible ito. "Sapagkat ang mga espirituwal na bagay, sa karnal na pag-iisip ay kamangmangan," ang sabi ng Kasulatan. At sa kabaligtaran nito. Ngayon, dapat maging espirituwal ang ating pag-iisip.

36 Ngayon sa pagtungo rito, kumuha tayo ng isang bagay sa Lumang Tipan na maiintindihan maging ng bagong silang, ang mga sanggol kay Cristo, ay magawang intindihin ito upang Ito'y maunawaan, habang ipinakikita natin ito sa pamamagitan ng mga talinghaga, kung paano ito naganap.

37 Katulad ng sinasabi ko, ngayon, tandaan, lahat ng bagay sa Lumang Tipan ay anino ng mga bagay na darating. Hebreo 11:11. "Ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay." Isang anino! Hebreo 10, pala, 1, "Ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating." Samakatuwid, sila ay nag-alay ng kordero sa Lumang Tipan, bilang isang anino ng pagkakaloob ng Diyos sa Kordero ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay nagsisilbing isang anino.

38 Kung gayon, kung ang naririto sa Kasulatan ay isang dakila't mahalagang hula, tiyak na bibigyan tayo ng Diyos ng babala ng kung ano, paano ito matutupad. Ngayon, sa palagay ko ay napakaganda ng pagkakatipo nito sa Kasulatan, at ipinagkaloob sa pamamagitan ng inspirasyon. At maari tayong bumalik sa—sa Exodo. At maaari tayong bumalik sa Levitico, sa ika-21, at masumpungan ang taon ng jubileo. At makapupunta tayo sa Exodo, palagay ko, sa bandang ika-anim na kabanata, at iba pa, at ito'y tinalakay sa maraming dako.

39 Ngunit, ngayon, paano tayo naliligtas? "Sa pamamagitan ng pananampalataya kayo ay nangaligtas, at iyon ay sa biyaya." Wala kayong magagawa, wala ni isa mang bagay kayong magagawa upang maligtas. Kung makagagawa kayo, kung magkagayo'y walang kabuluhan ang kamatayan ni Cristo. Hindi ito kung ano ang kinakain n'yo, kung ano ang iniinom n'yo, kung paano kayo manamit, *ganito, gano'n,* o ang *iba pa*. Kundi, "Kayo ay nangaligtas sa biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya." Ang Diyos, sa Kaniyang kataas-taasang biyaya, ay bumigkas ng iyong salita, ng iyong buhay, upang maparito ka bago pa maanyuan ang sanlibutan; at sa pamamagitan ng Kaniyang walang-hanggang kaisipan ay nalaman Niya ang iyong kahihinatnan sa kahuli-hulihan.

40 Pagkatapos, biyaya ang nagbunsod sa Kaniya, pag–ibig ang nagbunsod sa Kaniya, upang magpakita ng soberenyong biyaya sa lupa, upang magkaloob sa inyo ng kaligtasan. Kung nakita Niya kayong nagnasang maligtas, kung gayo'y ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang pagibig, ng Kaniyang mga dakilang katangian, ay hindi magpapahintulot sa Kaniyang gumawa ng iba pa. Kung ang Diyos ay pag–ibig, at makakikita Siya sa Kaniyang harapan ng isang grupo ng taong mapapahamak, nasa sa pag–ibig na ang pagganap ng kaniyang bahagi, upang gumawa ng daan ng pagtakas. Kailangan Niyang gawin ito. Ito'y magiging salungat sa Kaniyang kalikasan ang hindi gawin ito, kaya Siya ay gumawa ng daan.

41 At pagkatapos, sa Kaniyang paggawa ng daan, Siya ay naglagay din ng maraming posteng milyahe, babala, mga pulang ilaw, at iba pa, habang patuloy tayong naglalakbay sa kahabaan ng buhay. Aba'y, kahit ang batas ng lupain ay nagtatakda ng mga karatula sa pagtigil, mga pulang ilaw, ilaw pasulong, upang tulungan na mailigtas ang ating mortal na buhay. At iya'y damdamin lang ng sangkatauhan, para sa isa't–isa. Gaano pa kaya kapag ang Diyos ng Langit ang nagtakda ng mga babala, hudyat, at tanda, upang makaiwas tayo sa mga bagay na ito! At, sa araw na ito, tutungo tayo sa paksa ng isa sa mahahalagang tanda, mga malalaking barikadang ihinaharang sa ating daraanan.

42 Ngayon, "isang tatak". Ang Biblia ay nagsasabi na ang tatak ng halimaw ay makikilala sa kamay o sa ulo.

43 Narinig ko na itong inihula sa maraming iba't ibang paraan, na magtatato raw sila ng tanda sa inyong kamay, ng tanda sa inyong ulo. Ngayon, hindi ako naniniwala na iya'y wasto ayon sa Kasulatan.

44 At may isang lupon ng mga tao na matatatakan para sa kanilang hantungan sa impiyerno, at may mga taong matatatakan para sa kanilang Walang Hanggang hantungan sa Langit. At ang dalawang tatak na ito ay magkasabay na tumatakbo. At ito'y lubhang matindi, makinig, magiging napakahigpit, na bago ang Pagdating ng Panginoon, kakailanganin n'yong taglayin ang isang tatak o dili kaya'y ang isa pa, kundi'y magkakaroon ng boykot; hindi kayo makabibili o makapagbibili.

45 Pansinin. Ngayon, paano ito magsisimula? Ngayon, ang dalawang dakilang bagay na ito ay kumikilos sa mga iglesia sa loob ng maraming taon.

46 Ngayon tingnan n'yo. Si Judas noon ang anticristo. Alam natin iyan. Siya na nga iyon. Sa wari'y hindi siya laban kay Cristo. Wari'y, kakampi siya ni Cristo. At ang Biblia ay

nagsabi, na, "Sa huling mga araw, ang dalawang espiritung iyan ay magiging lubhang magkatulad, na kung maaari ay dadayain nito maging ang mga hinirang".

47 At nang ang Espiritu ng Diyos, na naroroon na sa pasimula, sa wakas ay kumilos pababa, pababa, kay Moises. . . Naniniwala ba kayo na si Cristo ay na kay Moises? Walang–alinlangan.

48 Si Cristo ba ay na kay Jose? Aba'y, inilarawan niya—inilarawan niya nang ganap si Cristo. Isinilang, minahal ng ama; kinamuhian ng kaniyang mga kapatid. Ipinagbili sa halos tatlumpung piraso ng pilak. Inilagay sa hukay, inakalang patay na; itinaas, lumuklok sa kanang kamay ni Faraon, sa pinakadakilang bansa sa mundo. Kapag siya ay lumalabas, sila'y lumuluhod, "Papalapit na si Jose". Ganap na tipo ni Cristo. Kung paanong napakilala sa kaniya ang kaniyang mga kapatid, kung paanong sila ay nanangis at nagsabi, "Ito ay kasalanan namin." At kung paanong iyan ay nailarawan, nang hustong—husto, patungkol kay Cristo.

49 Tingnan n'yo si David; ang Anak ni David. Si Cristo ang Anak ni David. Si Cristo kay David, ay kinamuhian, hinamak, tinanggihan ng kaniyang sariling bayan, inalis sa trono; pumanhik sa bundok, lumingon, nang tumatangis, dahil maging ang kaniyang sariling mga anak na pinakamamahal, ay tinanggihan siya at inalisan siya ng trono. At tinangisan niya ang Jerusalem sa kaniyang pagpanhik. Ganap na tipo ni Cristo, ang Anak ni David na nakaupo sa Bundok ng Olivo, tinanggihan ng Kaniyang sariling pinakamamahal. At nakaupo roon, tinatangisan ang Jerusalem, ang sabi, "Makailang inibig kong tipunin kayo, na gaya ng ginagawa ng inahin sa kaniyang mga sisiw, subalit ayaw n'yo."

50 Ngayon, ano iyon? Ang Espiritu ng Diyos na kumikilos sa mga propeta, hanggang Ito ay humantong sa puspos na kapahayagan kay Cristo Jesus, at Siya ay Diyos na nahayag sa laman.

51 At ang espiritu ng anticristo ay bumaba rin sa mga guro ng relihiyon; mula kay Cain, kay Nimrod, at dumaan sa bawat isa, hanggang sa wakas inihayag nito ang sarili nito sa isang katauhan na ang tawag ay Judas Iscariote. At nang handa nang mahayag si Cristo, si Judas ay dumating sa eksena. At sa panahong lumisan si Cristo sa lupa, na nakabitin sa isang puno, si Judas ay lumisan sa lupa, nang nakabitin din sa isang puno.

52 At nang sumapit ang pagdating ng Espiritu Santo noong araw ng Pentecostes, sa Iglesia, ang espiritu ng anticristo ay sumunod dito. San Juan. . .O, ang unang Juan 1 ay nagsasabing, "Mga minamahal. . ." Unang Juan 1:4, "Huwag kayong magsipaniwala sa bawa't espiritu, sapagkat ang

espiritu ng anticristo na nakatakdang dumating ay nasa sanlibutan na, at kumikilos sa mga anak ng pagsuway." Ngayon, habang sila'y muling nagpasimula, sila'y dumating at naipahayag noong A.D. 1. Noong pasimula, magkasabay silang lumabas. At ang dalawang espiritung ito ay kapuwa kumikilos sa iglesia, tumatawag palabas ng isang—isang iglesia sa magkabilang panig. At kapuwa sila. . .O, huwag na 'di n'yo ito makuha. Kapuwa sila relihiyoso. Kapuwa sila napakarelihiyoso.

53 Tayo'y maglakbay pabalik, doon sa pasimula. Sina Cain at Abel, sina Judas at Jesus, kapuwa sila relihiyoso, kapuwa sila sumasamba. Nakukuha ba ninyo? Kung papaanong pinatay ni Judas si Cristo, O. . .kung papaanong pinatay ni Cain si Abel sa altar, ipinagkanulo naman ni Judas at—at isinuko si Cristo, at Siya ay pinatay sa altar.

54 At naririto ang dalawang espiritong iyon, patuloy na kumikilos. At sila'y relihiyoso, silang dalawa. O, sana'y nakukuha n'yo ito. "May daan na tila baga tama." Bigyan nawa ako ng Diyos ng biyaya upang sa tuwina ay makapanindigan Dito. Katulad ng mga panahon, dito sa tabernakulo, kahit ano pa ang ipinalagay ng mga tao, sinikap kong manatiling matuwid sa Kasulatan. Mahal ko ang mga tao, subalit minsan ay kailangan mo silang saktan, sapagkat ang iglesia ay bahay ng pagtutuwid. Ang luklukan ng paghuhukom ng Diyos ay nasa Kaniyang Iglesia.

55 Pansinin, relihiyoso. Ang sabi ni Jesus sa mga Fariseo, ang mga lider ng relihiyon ng araw na iyon, "Kayo ay sa inyong amang Diyablo. Kung kilala ninyo Ako, nakilala n'yo rin sana, ang Aking araw".

56 Ngayon, bumalik tayo sa ating tipo. Ngayon, may napakagandang tipong naibigay, na aking—nais kong pasimulan sa araw na ito, patungkol sa "pagtatatak ng halimaw." Ngayon, sa Lumang Tipan, sinabi ng Biblia na magkakaroon ng limampung-taong jubileo, iyon ay pitong ulit na pitong taon. At sa ika-apatnapu't siyam na taon, ito'y dapat na nakahanda na, at sa ika—limampung taon ay ang taon ng jubileo. Ang *limampu* ay nangangahulugan ng "jubileo." Iyon nga. Ang limampu ay bilang ng jubileo ng Diyos. Ang salitang *Pentecostes* ay nangangahulugan ng "limampu." Iyon ang pagbuhos ng Espiritu Santo, pagkatapos ng limampung araw. Iyan din ang katapusan ng panlimampung taon.

57 Si Jesus ay dumating upang aninuhin. . .o, di kaya'y balaan ang mga tao, tungkol sa pagdating ng taon ng jubileo. Siya ay nagtungo sa sinagoga ng Capernaum, at umupo, at kinuha ang Kasulatan at binuksan sa Isaias 61:1, at binasa ang Kasulatang ito.

> *Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa akin,* dahil pinahiran niya *ako*. . .
>
> *Upang itanyag ang kalugod-lugod na taon ng Panginoon.*
>
> . . .upang palayain *ang mga bihag,*. . .at upang magbigay ng *pagkakita sa mga bulag,*. . .

58 At nang matapos Siyang magbasa, Siya ay umupo at isinauli ang Kasulatan sa saserdote.

> *At Siya'y* nagsabi. . .*Ngayo'y naganap* ang kasulatang ito *sa inyong mga pakinig* at paningin.

59 Nakikita n'yo ba? Sapagkat ibinibigay Niya ang babala tungkol sa pagdating ng dakilang agos ng Pentecostes, upang palayain ang bawat alipin ng kasalanan, at ang bihag.

60 Ngayon, sa pagdatal ng taon ng jubileo, ito ay kailangang iparinig sa lahat ng mga lupain. Isang trumpeta ang tutunog, at ang trumpetang ito ay gagawa ng kaibahan. O, ang trumpetang iyon ay ang ika-limampung-taong tunog na mag. . .Ang bawat aliping nabili, o naging dukha, ang dukha at 'di makapangalaga sa ganang kaniya, nalugmok siya sa bigat ng dalahin. At ang kaniyang panginoon, sa kaniyang pagkakautang, ay binili siya, at inilagay siya sa bukirin bilang isang alipin. At kailangan niyang paglingkuran siya, sapagkat napakadukha niya upang tubusin ang kaniyang sarili.

61 Subalit sinabi ng Diyos, "Alalahanin n'yong kayo rin minsan, ay naging mga alipin, doon sa Egipto. At pinalaya Ko kayo. Kaya sa, pagtunog ng trumpeta, ang bawat alipin, kahit gaano katagal na siyang nagsisilbi, o gaano man kaiksi, siya ay malayang makababalik sa kaniyang pamilya, makababalik sa kaniyang lipi, at maging malaya sa lahat ng pagkakautang, sapagkat ito ay panahon ng jubileo. Ni hindi ka dapat magtanim ng mais. At anumang ibunga ng bukirin, iyon ang ipamumuhay mo. Hindi mo dapat gupitan ang iyong ubasan, o anuman. Ang mga dukha ng lupain ay magsisikain nito. Isang napakagandang tipo ng Milenyum.

62 Pansinin. Ang bawat alipin, kapag narinig niya ang tunog ng trumpetang iyon, ay maaari niyang bitawan ang kaniyang asarol o anuman ang kaniyang ginagamit at magsabing "Ako ay taong malaya. Hindi ko kayang tubusin ang aking sarili. Subalit ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya ay naghayag ng isang taon ng jubileo. Kaya, ako ay sumasampalataya sa Diyos, at hindi ko na kinakailangang gumawa pa." At inangkin siyang malaya ng batas ng lupain. Anong gandang tipo ng ating panahon!

63 Tayo, mga hamak, mga dayuhan, ay walang magawa. Kung ipapangilin natin ang bawat sabbath, ang bawat bagong buwan, ang 'di pagkain ng karne, kung ipapangilin natin ang

lahat ng mga uri ng kapistahan at gawin ang lahat ng uri ng relihiyosong pagpapakasakit, tayo ay nasa ilalim ng isang pasanin. Tayo ay ipinagbili sa kasalanan. Ipinagbili tayo ng ating mga magulang, sa kasalanan, sa hardin ng Eden. At tayo ay nabibigatan—nabibigatang lubha sa ilalim ng gapos ng kasalanan, bilang isang alipin ng Diablo. "Tayo ay isinilang sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, naparito sa mundo nang nagsisinungaling." Wala tayong magagawa upang matulungan ang ating sarili, 'pagkat ang ating buong pagkayari, ang ating buong kalikasan, at lahat ng kung ano tayo, ay kasalanan.

64 Subalit nang dumating ang panahon ng jubileo, tayo ay napalaya na! At ang Trumpeta ay ang Ebanghelyo, ang mabuting balita. Ang trumpeta kung gayon ay ang Ebanghelyo, mabuting balita. Hindi na kayo nakagapos. Hindi n'yo na kailangang mamuhay sa kasalanan. Maaari kayong umuwi at maging malaya. Wala na kayong anumang pagkakautang. Ang buong proklamasyon ng kalayaan ay nilagdaan na, at kayo ay malaya na.

65 At, ngayon, kapag narinig ng isang tao ang mabuting balita, "Si Cristo ay namatay sa halip mo; wala kang anumang magagawa rito. Si Cristo ang nagbayad ng halaga," ganito tumutunog ang Ebanghelyo.

66 Mabibitawan mo na ang bawat sigarilyo, bawat nginunguyang tabako, bawat bote ng wiski, bawat—bawat bagay na gumagapos sa iyo, at makapagsasabing, "Ako'y malaya na. Ito ang mabuting balita, pinalaya na ako ni Cristo." Kayo ay mga taong malaya na. Hindi n'yo na kailangang magpatuloy pa. Hindi n'yo na kailangang paglingkuran ang Diablo. Makalalaya kayo kung nanaisin n'yong lumaya. Ngayon hindi n'yo na kailangang uminom. Hindi n'yo na kailangang magpaikut-ikot. Hindi n'yo na kailangang maltratuhin ang inyong asawang babae. Hindi n'yo na kailangang magmura. Hindi n'yo na kailangang magsinungaling. Hindi n'yo na kailangang magnakaw. Hindi n'yo na kailangang mapagal. Aba'y, mayroon kayong mapagkukunan, doon sa itaas, na hindi pa kailanman nagamit, ng masaganang pagpapala ng Diyos, na hindi pa nalalaman ng sanlibutan.

Sasabihin mo, "Kailangan kong magkaroon ng kaunting kasiyahan."

67 Aba'y, kapatid na lalaki, kapag narinig mo kailanman ang mabuting balita ng trumpeta, ang mga makasanlibutang kasiyahan ay magmimistulang napakaliit, sila'y mistulang tansong tumutunog at umaalingawngaw na batingaw. Hindi mo na ito kailangan. Higit na dakila ang balitang ito, kaysa sa dating mga hangganan ng pagkaalipin, sa dating mga tatak ng kasalanan, na gumawa sa inyong kaaba-abang mga palaboy na

namumungay ang mga mata, dahil sa paninigarilyo; mga lasenggo sa lansangan, na nangangatog. Hindi mo kailangang magkaganiyan. Ang trumpeta ng Ebanghelyo ay tumutunog, “Ang sinumang magnais, siya’y lumapit at uminom sa bukal ng tubig ng Buhay.”

68 Subalit ang tanggihan iyan, kapag sinabi ng isang tao na, “Gusto kong manatiling ganito. Ayaw kong umalis. Basta’t gusto kong manatili rito.” Ang taong iyon ay dadalhin sa templo kasama ng kaniyang panginoon. Kailangan niyang idikit ang kaniyang tainga sa haligi, at bubutasan ang kaniyang tainga ng isang pangbutas, at ito ay tanda na hindi na siya makalalaya kailanman. Kailangan niyang paglingkuran ang kaniyang panginoon habang siya ay nabubuhay, dahil tinanggihan niya ang balita ng mabuting balita.

69 Kundi ba naman iyan isang sakdal na tipo ng pagtatatak ng halimaw! Ang mabuting balita ay ang Ebanghelyo, Kung tatanggihan n’yong dinggin ang Ebanghelyo, ang inyong mga tainga ay seselyuhan, upang sa tuwina ay bansagan n’yo Itong, “Panatisismo, at wala Itong katuturan.” At maglilingkod kayo sa kasalanan at sa mga anyo ng kabanalan, habang kayo’y nabubuhay. Gaano man kayo karelihiyoso, kayo’y naselyuhan na sa labas ng Presensiya ng Diyos.

70 Makinig. Ano ito? Mga limampung taon na ang nakalipas, sa kalye Azusa sa California, may isang pangkat ng mga taong nananambahan sa Diyos. Lubos nang naging pormal at walang-malasakit ang Metodismo hanggang sa ayaw na nila ng anupaman nitong tinatawag nilang panatisismo; walang sigawan, walang amen, walang kahit ano sa iglesia. Iniisip nilang ang edukasyon at pagbabago ay makapagbabago sa mga tao hanggang sa umabot sila sa isang kalagayang hindi na nila kailangan ang mga bagay na ito.

71 Hayaan mong sabihin ko sa’yo ito, aking kaibigan. Ang edukasyon gaano man ito kabuti, pagbabago gaano man ito kabuti, hindi kailanman nito mahahalinhinan ang bautismo ng Espiritu Santo. Ito ang Walang Hanggang plano ng Diyos, upang Selyuhan ang Kaniyang Iglesia. At sila ay nagsiparoon sa mga panulukan ng kalye. Sila ay naglakad sa mga riles ng tren at paisa—isang nagsipulot ng butil ng mais, at ito ay dinurog sa isang bandehado, at ginawang puto upang ipakain sa kanilang mga anak. Ipinangaral nila ang Ebanghelyo sa buong bansa. Sila ay ipinakulong. Sila ay pinagtawanan. Sila ay tinanggihan at tinawag na “Holy-rollers! Mga panatikong Pentecostal!”

72 At ang daigdig, ang Amerika, ay tinanggihan Ito. At nang gawin niya ito, ang tainga niya ay sinelyuhan na sa Ebanghelyo magmula noon. Ano’ng ginawa nila? Tumanggi

silang uminom mula sa mga bukal ng tubig na buhay. Ano'ng nag-uudyok sa mga bagay na nasa sanlibutan ngayon? Ano'ng nag-uudyok sa mga babaeng magsuot ng maiikling syorts? Ano'ng nag-uudyok sa kanilang magsuot ng mga blusang maninipis na naaaninag na ang kanilang mga panloob? Ano ito? Ito'y mga batang nangagugutom. Iya'y tama. Nangauuhaw!

73 "Mapapalad kayong mga nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran."

74 Ang sabi ni Jesus, "Ayaw n'yong magsilapit sa Akin." Makinig. Ang dahilan kung bakit ginagawa nila ito ay dahil sa tinangghian na nila ang bukal ng tubig na buhay, at nagsiinom sa basag na balon, ng Hollywood. Tamang-tama. Tinanggap nila ito sa pamamagitan ng mga luma't malalaswang palabas sa telebisyon, at iba pang tulad nito. At ang pinakabalaking ginawa nila, ay tuwiran silang nagsibalik sa Eden, kung saan ito nagpasimula.

75 Tinanggihan ng Amerika si Cristo bilang Diyos nila, at tinanggap ang kababaihan bilang diyos nila. Ano'ng ginawa nila? Hinubad nila ang kanilang mga damit. At isinuot. . .O, kahiya-hiya ito para sa isang disenteng tao na lumakad sa mga lansangan ng anumang lungsod. Ano'ng ipinapakita n'yan? Iyan ay nagpapakita lamang kung ano talaga ang nasa puso ng isang babae. Ang sabi ni Jesus, "Sa kanilang bunga ay makikilala mo sila." Nagdulot sila ng kahihiyan sa kababaihan. Bakit? Sapagkat ang babae ay naging isang diyosa.

76 Sa hardin ng Eden, ay may dalawang puno. Isa sa kanila ay ang Punong Kahoy ng Buhay, ang isa pa ay ang punong kahoy ng kamatayan. At tinanggihan ng tao ang Punong Kahoy ng Buhay at tinanggap ang punong kahoy ng kamatayan.

77 At iyan ang ginawa ng sanlibutan ngayon. Ito—ito'y tinanggihan ang Punong Kahoy ng Buhay, na si Cristo, at ginawa nilang diyos ang babae. Siya ang diyosa ng Amerika.

78 Matigas iyan kung pakinggan. Subalit tatalupan ko ang mga kababaihan, at nais kong sabihin sa inyo. Kung sa bagay ang isang babae ay. . .Hayaan n'yong pag—initin ko kayo rito. At, mga kalalakihan, kasunod na kayo.

79 Tingnan. Ang isang babae ay hindi nga napakababa. . .Ni hindi siya isang nilikha sa Diyos. Siya'y isang ka produkto. Pagtapos lalangin ng Diyos ang buong sangnilikha, Siya ay kumuha ng isang bahagi mula sa lalaki, at gumawa ng babae. Ni hindi siya ibinilang sa orihinal na paglikha. Tumpak. Siya ay naging katuwang ng lalaki, at dahil doo'y nararapat na mabuhay siya para sa layuning iyon.

80 Subalit, ngayon, bumaliktad na ang kalalakihan at ginawa siyang isang diyosa, katulad ni Eva sa hardin ng Eden. Tinalikdan ni Adan ang Diyos at sumama kay Eva. At ang Amerika at ang buong mundo ay tumalikod na sa Diyos at sumama sa mga kababaihan. Nakapapaso iyan, ngunit totoo. Tumingin kayo sa paligid.

81 Bakit, kayong mga lalaki, ano'ng nangyayari sa inyo? Sinumang lalaking papayagang magsuot ng mga ganiyang damit ang kaniyang asawang babae, at manigarilyo, iyan ay nagpapakita kung saan ka yari. Mga kalalakihan, alam n'yo bang kayo'y mga anak ng Diyos? Hindi n'yo ba alam? Ang Diyos ay hindi. . .Hindi kayo natatakot sa Diyos; natatakot kayo sa inyong mga asawang babae. Iya'y tama. Mga balong basag! Kawalang kabuluhan ng Hollywood!

82 Ngayon, hindi lang iyan sa Presbyterian at Catolico, iya'y sa Pentecostal din at sa mga pangkat ng Holiness. Iya'y totoo. Mga nakalipas na taon, nang nagsisimula pa lamang tumunog ang pakakak, mahahaba ang buhok ninyong mga kababaihan, kayo'y nanamit tulad sa mga matimtimang babae, subalit kayong mga babaeng Pentecostal ay nabubulok na ring katulad nilang lahat. Iya'y tama. Tinatagpas n'yo ang inyong buhok! At ang sabi ng Biblia, "Sinumang babaeng gugupit ng kaniyang buhok, ay may karapatan ang kaniyang asawang lalaki na hiwalayan at iwanan siya." Sa I Corinto, ika—11 kabanata, tingnan kung iya'y 'di tama. Winawalang—galang pa nga niya ang kaniyang asawang lalaki.

83 Bakit gusto n'yong magsuot ng mga damit na ganiyan? Ngayon, nangungusap ako sa inyong mga kababaihan, 'pagkat nakikita kong hinahayaan n'yo ang inyong mga anak sa lansangan na umasta nang ganiyan, at gayon din ang inyong mga sarili. Ano'ng dahilan sa mundo at nais n'yong magdamit ng ganiyan? Ito'y. . .Hindi mahalaga sa akin kung gaanong relihiyon ang sinasabi ninyong nasa inyo. Iyan ay nagpapakita, kung ano ang lumalabas, sa inyong puso. Iyan ay nagpapakita kung saan talaga kayo yari. Bakit? Biningi n'yo ang inyong tainga sa tunay na Ebanghelyo ng paglaya. Iya'y tama. Kayo ay natatakan ng anticristo, umaastang katulad niya, ang ibinunga ng buhay mo ang nagpapatunay kung sino ka. At kayong mga kalalakihan, dahil pinapayagan n'yong gawin niya ito, ipinapakita nito kung sino ang inyong diyos at kung ano ang inyong ginawa. Iyan ang Ebanghelyo. Iyan ang Salita. Ngayon sino ang may tatak ng halimaw? "Magkamukhang–magkamukha na kung maaari ay dadayain nito pati ang mga hinirang." Hindi n'yo ba nakikita, mga kaibigan, na ang puno ng mansanas ay nagbubunga ng mga mansanas, ang puno ng peras ay nagbubunga ng mga peras? Ano'ng dahilan at ang isang babae, na pinapalagay na anak ng Diyos, ay nanaising magdamit ng ganiyan?

84 Sasabihin mo, "Aba'y, hindi na sila gumagawa ng mga blusa at. . ." O? O, hindi ba? Mayroon kayong makinang panahi. Tiyak, na mayroon kayo.

85 Ito'y dahil sa kaloob-looban ng iyong puso, sinisikap mo itong takpan ng isang relihiyosong balat, ikaw ay nakinig sa Diablo. Iya'y tama. At marahil ay nagkasala ang iyong pastor sa 'di niya pagsasabi sa iyo ng katotohanan. Iya'y tama.

86 "Kayo ay natatanging bayan, isang hiniwalay na bayan, isang banal na bayan, isang makaharing pagkasaserdote," kaibang—kaiba sa sanlibutan. Hindi kayo umaasta nang tulad nila, nananamit nang tulad nila, nangungusap nang tulad nila. Kayo ay tinawag palabas, ihiniwalay! Iya'y tama. Ngayon nakikita n'yo ba kung ano ang ibig kong sabihin?

87 Kung ikaw ay tatanggi, ikaw ay aalis ngayon at magsasabing, "Walang kabuluhan ang sinasabi ng mangangaral na iyan." Ganoon ba ako? Iya'y ang Kasulatan, kung magkagayo'y walang kabuluhan ang sinasabi ng Kasulatan. At kung lubha mo nang pinabutasan ang iyong mga tainga, na ika'y nakinig sa Diablo, at hindi ka na kailanman makaririnig pa ng Katotohanan ng Ebanghelyo at makalalakad sa Liwanag, iyan ang tatak ng halimaw. "Yan ang Kasula-. . .Tumatanggi kang duminig ng Katotohanan, ng kalayaan, na pinalaya ka na ni Cristo sa lahat ng mga bagay na iyon.

88 At kayong mga lalaki, kayong mga kawawang, walang buto sa likod, kayong pumapayag sa isang babae, sa inyong asawang magpalakad-lakad at magbuga ng usok ng sigarilyo sa kaniyang ilong, at magsuot ng syorts, at umasta nang ganiyan sa inyong pamamahay, at hindi sapat ang inyong pagkalalaki! Kayo'y mahinang klaseng panghalili, sa isang anak ng Diyos.

89 Hindi ko sinasabing hindi niya ito gagawin. Sa sandaling siya ay magpabaya at hahawakan siya ng Diablo, gagawin niya ito, subalit iyon ang araw na hindi na siya si Gng. Branham. Iya'y tama.

90 Iyan ang Katotohanan. Magsitindig kayo! Hindi naglalagay ng marupok na buto ang Diyos sa mga kalalakihan. Gulugod ang inilalagay Niya sa mga lalaki, mga buto ng Ebanghelyo na maninindigan para sa Katotohanan.

91 Ay, naku, nakakikilabot na panahon ang ating kinabubuhayan! Tumingin ka sa paligid at makikita mo ang kasalanan. Tingnan mo ito. Siya nga, hindi ka makapunta sa pulong panalangin. "Masyadong mainit. Masyadong malamig. Aba, kung sa bagay, masyadong mahabang mangaral ang mangangaral." Subalit nagawa mong ibabad ang iyong ulo sa matandang Diablong telebisyong iyan, araw at gabi. Titingin ka sa isang. . .Aba'y, kalahati ng mga munting bata. . .

92 Samantalang, kayong mga ina ang dapat magturo sa kanila tungkol kay Cristo, at huwag umasa sa guro ng Araling Panlinggo, labinlimang minuto, minsan sa isang linggo.

93 Bawat bata sa bansa ay makapagsasabi sa iyo kung sino si David Crockett, kung saan siya nakatira, at kung anong edad niya nang patayin niya ang kaniyang oso, ngunit hindi kailanman masabi sa iyo ng siyento porsiyento kung paanong dumating si Jesus Cristo upang iligtas ang mga makasalanan. At kung sa dalawampu't apat, sa loob ng wala pang dalawampu't apat na buwan, oo, wala pang labindalawang buwan, nalaman ng buong bansa ang tungkol kay David Crockett, bakit hindi magawang mag-alab ng mga Cristiano para sa Diyos, tulad ng Hollywood para sa kabulukan, at ipakilala sa kanila kung sino si Jesus Cristo!

94 Bakit? Sinelyuhan na nila ang kanilang mga tainga. "Ako ay nagsisimba at ako'y kasimbuti mo." Iyan ang ugali. Ganiyan din si Judas. Ang mga Fariseo ay ganiyan din. Tama ba? Iyan ay totoo. Mga balong basag!

Sasabihin mo, "Ano naman ang tungkol sa papa at iba pang bagay?"

95 Sumusunod sa linya ang lahat ng mga iyan. Kapag tinanggihan mo ang Ebanghelyo, ang iyong kaluluwa ay nagiging bukas na puntod sa Diablo. At gagapusin ka ng lahat ng ito sa dakilang. . .At hindi lang ang Catolicong Vatican ang kasama riyan, kundi pati ang iglesiang Protestante. Ang Apocalipsis, ika-17 kabanata, ay nagsabing ang iglesiang Catolico ay isang "patutot," at ang mga iglesiang Protestante ay mga babaing upahan.

96 Subalit ang bayan ng Diyos ay tinawag palabas, sa lahat ng ito. "Magsilabas kayo sa Babilonia," ang wika ng huling, nagbababalang Mensahe ng anghel. "Huwag kayong makibahagi sa kaniyang kasalanan. Magsilabas kayo, ihiwalay ninyo ang inyong sarili, at kayo'y maging iba." Hindi lang dahil sa makatuwirang panindigan, hindi dahil sa iniisip n'yong ito ang tamang gawin, kundi kayo ay manalangin hanggang mapasapuso n'yo ang bagay na iyon.

97 Pagkat, ganiyang—ganiyan ang nangyari sa Pentecost noong nakaraang ilang taon, at sa mga Nazarenes, at mga Pilgrim Holiness, at lahat ng iba pa sa inyong mga tao. Iya'y tama. Iyan ang nangyari sa inyo. Sasabihin mo, "Buweno, silang lahat, sila'y—lahat sila ay. . .Pinahahaba ng mga kapatirang babae ang kanilang mga buhok, at sila'y. . . Ngayon, alam mo, palagay ko, gagawin ko rin ito." O, ikaw na mapagpaimbabaw. Iya'y tamang—tama. Iyan ang dahilan kung bakit tumalikod at ginagawa mo ang iyong ginagawa ngayon. Hindi mo kailanman ito tinaglay, noong pasimula pa lamang.

98 Kung ito ay nasa iyong puso, hindi kailanman Ito mabubunot doon ng lahat ng diablo sa impiyerno. Paano mo magagawang gawin ang iyong sarili maliban sa pagiging isang tao, samantalang ipinanganak kang isang tao? Paano kang magiging anupaman maliban sa isang Cristiano, kung ipinanganak kang Cristiano?

99 Subalit, ang tanggihan mo ang Katotohanan, kung gayo'y seselyuhan ng Diablo ang iyong tainga. Ang pananampalataya ay nagmumula sa ano? [Ang sabi ng kongregasyon, "Pakikinig."—Ed.] At kung ang tainga mo ay selyado na, hindi mo na Ito maririnig pa. "Ah, walang katuturan! Hindi ako naniniwala sa Ganiyan. Ang pastor ko, hindi niya kailanman sinabi Iyan sa amin. Siya—siya'y—siya'y—apat ang titulo sa kolehiyo. Ako'y. . .Mas mahusay siya kaysa sa mga holy-rollers na ito." Magpatuloy ka, ang iyong mga tainga ay selyado na.

100 Ganito rin ang sinabi nila kina Pedro at Juan, ang sabi, "Sila'y mga mangmang at mga taong walang pinag—aralan." Subalit sila ay may kapangyarihan, aleluya, na palundagin ang isang pilay tulad sa isang usa. Binuksan nila ang mga mata ng bulag, pinagana nila ang mga tainga ng bingi, sapagkat ipinangangaral nila ang taon ng jubileo. Salamat sa Diyos, dahil sa gayon ding Espiritu Santo!

101 Iya'y unang hakbang lamang, ang pagtanggi kay Cristo, ang pagtanggi sa Mensahe. Kahit gaano ka magkunwari, wala itong magagawa para sa iyo. Lalo ka lang ibinabaon niyan sa impiyerno. Ang buhay mo ang nagpapatunay kung ano ka. Ang sabi ni Jesus, "Sa kanilang mga bunga ay makikilala n'yo sila." Hindi sa pamamagitan ng kanilang iglesia, hindi sa pamamagitan ng kanilang pagkakaanib, kundi "sa pamamagitan ng kanilang bunga." Hayan ka. 'Yan ang simula ng tatak ng halimaw.

102 Pagkatapos, bago mo pa mamalayan, ay pupunta ka sa isang malaki at magandang iglesia, kung saan ay marami silang teolohiya. Dr. Ph.D. John Doe, "O, buweno, nakikita n'yo ba, ang mga taong iyon ay 'dinag-aral. Kita n'yo, hindi nila nauunawaan. Napag-aralan namin, sa seminaryo, na ang mga bagay na ito ay medyo kaiba Roon."

103 Ako'y lubos na nagagalak na may nabubuhay pa ring Cristo upang patotohanan ang Kaniyang Salita. At pagkatapos, nakikita nila ang lahat ng mga tanda at kababalaghan, hindi nila maikukubli iyan. Hindi nila Ito kayang maliitin. Gayon talaga ang Diyos, ginawa Niya Itong napakatotoo, hanggang sa hindi mangyayaring hindi nila makita Ito. Sinisikap nilang labanan Ito sa abot ng kanilang makakaya, ngunit pilitin man nilang gawin ito, ay hindi nila ito magagawa.

104 Katulad ng sinabi ko sa inyo. Kami'y nakatayo sa Istatuwa ng Kalayaan, minsan, may mga munting ibong nagkalat sa paligid nito, palibot sa isang malaking ilaw na naroroon. At ang sabi ko roon sa isa, "Ano'ng dahilan nito?"

105 Ang sabi niya, "Kagabi, ay may bagyo, at ang mga mumunting ibong ito ay lumilipad pasalubong sa liwanag, sinusubukan nilang patayin ito." Sa halip na gamitin ang liwanag, habang ito ay sumisilay, upang sila'y makaligtas; sinubukan nilang piliting unahan ang liwanag, at pinipilit nilang gawin ito.

At ang sabi ko, "Purihin ang Panginoon."

Ang sabi niya, "Ano'ng nangyayari sa iyo?"

106 Ang sabi ko, "Naisip ko lang ang tungkol dito sa mga erehe, maligamgam, at mga nag-aatubili na mga mangangaral at mga mananampalataya, na sinusubukang patayin ang totoong Liwanag ng Ebanghelyo." Pahihirapan mo lang ang sarili mo kaiisip.

107 At ang Ebanghelyo ng Diyos ay magliliwanag sa buong kapanahunang Walang Hanggan. Magkakagayon nga. Bakit hindi kayo humakbang tungo sa liwanag at hayaang dalhin kayo Nito sa kaligtasan? Dadalhin kayo nito mismo sa isang malalim na uka sa Bato. Iya'y tama.

> Kung saan mayroong bukal puno ng Dugo,
> Hinugot mula sa mga ugat ni Emmanuel nagbuhat,
> Ang mga makasalanang inilulublob sa baha,
> Maglalaho ang lahat ng mantsa ng pagkakasala.

108 Hayan ka. Tingnan ang panahong pinamumuhayan natin. Naririto na tayo. "Mga tanda at kababalaghan."

109 Tingnan n'yo ang iglesia, naka-syorts. Tingnan n'yo ang kababaihan, mga pudpod ang buhok; naka-manikyur, anuman 'yung bagay na iyon, meyk-ap. Sila'y. . .Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo. Ako'y isang misyonero; alam n'yo iyan. Alam n'yo ba kung saan iyan nanggaling? Mula sa kaloob-looban ng Aprika. Ang mga pagano ang naglalagay niyan. Ang hitenong Aprikano. At sa sandaling manampalataya ang mga babaeng iyon, kaagad nilang tinatanggal ang mga iyon. Hindi mo na kailangang sabihan sila ng anuman tungkol dito. Subalit ang mga edukadong hiteno ay may higit na nalalaman tungkol dito, kita n'yo; hiteno pa rin. Ganoon ang sabi ng Biblia. "Hindi ka dapat mag-ayos o umasta nang tulad ng hiteno." Ang hiteno ay isang bingi, markado, at nakatalaga na para sa Walang Hanggang impiyerno, upang masunog sa apoy ng pagdurusa magpakailan man at kailan pa man.

110 Ang unang Mensahe ng anghel ay lumabas, si Martin Luther. Ang pangalawang Mensahe ng anghel ay lumabas, si John Wesley. Ang Mensahe ng pangatlong anghel ay lumabas na, at Ito ay tinatanggihan pa rin nila at palala na sila nang palala. At sinabi ng Biblia na ang mga manggagawa ng kasalanan at ang kasalanan ay lalala nang lalala.

111 "Subali't ang nakakikilala sa kanilang Diyos, sa araw na iyon, ay gagawa ng mga kabayanihan. At ang sanga ng Panginoon, at ang mga anak na babae ng Sion, na nakatakas, ay magiging maganda sa harapan ng Panginoon, sa araw na iyon." Nanghula si Isaias. Nasaan na kayo? Ano'ng nangyayari, bayan?

112 At ikaw, mababang, matanda na lalaking walang gulugod! Nakakita ako ng isang lalaki, isang sinasabing isinilang na muling kapatid na lalaki, noong isang araw, na nakaupo sa silong ng isang malilim na puno, nagbabasa ng magasin, at ang kaniyang asawa na naka-syorts, ay nagtatabas ng damo sa bakuran; kung saan dumaraan ang mga kalalakihan, at pinapanood siya. Hindi ako ang hukom. Subalit sinabi ng Biblia, "Sa kanilang mga bunga ay makikilala n'yo sila."

113 Napunta ako sa isang lugar, noong isang araw, noong ako'y paparito, pagkagaling ko sa Yellowstone National Park. Nagpunta ako sa isang lugar, at malamig ang dugo ko. Kaya kong tiisin ang matinding lamig. Naranasan ko nang matulog sa labas sa temperaturang zero at mababa pa ng dalawampu; matulog hanggang ang aking mga balbas ay magyelo hanggang sa kapag ikinikiskis ko ito, ay maririnig mong kumakaskas sa aking bag na pangkamping. Hindi ako nabagabag nito. At napakalamig noon hanggang kinailangang bigyan ako ng maybahay ko ng kamiseta at diyaket. At narito ang mga abang, nakahubad na mga pagano na nagpapalakad-lakad doon na may kasamang munting mga bata, na nakasuot ng napakaliliit, napakaiiksing mga damit. At ang kanilang mga naninigarilyong asawang lalaki ay kasabay nilang naglalakad, na naka-oberkot, at sila naman ay naka-syorts nang pagkaikli-ikli.

114 Kapatid, naniniwala ako, sa ngalan ng lahat ng katuwiran, mahahablot ko ang talbos ng isa sa mga punong sedar na naroroon, at mapapa-putla ko ang kulay nito. Nagkaroon sana siya ng dahilan para mamutla. Opo. Hindi ko sinasabi 'yan bilang isang biro. Hindi ito lugar para magbiro. Sinasabi ko iyan sapagkat iyan ang Katotohanan ng Ebanghelyo.

115 Nagpunta ako sa isang lugar. May pumasok na isang babae, na may kasamang isang bata, hindi higit pa kaysa *riyan,* na nakadamit nang tulad sa isang munting paru-paro, may sa istrap na pahalang at paikot sa kaniya. At ang kawawang bagay na iyon ay matamlay, na palakad-lakad nang

gayon. At narito't pumasok ang kaniyang kapatid na babae, mga labingwalong taong gulang, magara ang bihis, at isang babaeng maganda ang tindig; bawat datihang palatitig na mata ay nakatitig sa kaniya. At, siya, ay ninenerbiyos, at humihitit ng sigarilyo.

116 At ang sumunod na babaeng pumasok, aba'y, mukha siyang disenteng babae. May kasama siyang batang babae, hindi maliit na batang babae, kundi isang dalagang mga labinlimang taon. Siya ay naka-maiksi at makapal na pangginaw, at mahabang damit. Ang ina ay nakasuot ng makapal na pangginaw.

117 Ang sabi ko, "Marahil ako'y nababaliw, subalit bakit ibang-iba sila sa isa't isa?"

118 Ito'y dahil, kapatid na lalaki, kapatid na babae, sa espiritu ng bagay na iyon! Kayong kababaihan, hindi n'yo nais gawin iyan. Subalit ang Diablong nasa inyo, ang nagpapagawa niyan sa inyo. Kayo'y alipin nito. Kayo ay umiinom mula sa di-umaagos na sisidlang tubig ng Diablo, sapagkat tinanggihan n'yong uminom sa bukal na hindi natutuyo. Tinanggihan n'yo ang Punong Kahoy ng Buhay. "Kayo ay sumusunod sa daan ni Cain, at mangapapahamak sa pagsalangsang ni Core." Magsilabas kayo riyan, habang bukas pa ang inyong tainga sa Katotohanan! Magsihiwalay kayo, at maisilang na muli. Iya'y matigas, subalit iyan ang Katotohanan.

Ngayon, kapatid, sasabihin mo, "Paano ko ito matatakasan?"

119 Wala nang oras. Itutuloy na lang natin mula rito, mula sa pagseselyo ng tainga.

120 Nakikita n'yo ba kung paano sila pinakikilos nito? Kapag ang isang tao ay lumapit sa altar, at nagsabing, "Kapatid na Branham, o, aleluya, nasa akin na ang Espiritu Santo. Nasa akin na *ito*." Maaari silang magsalita ng iba't-ibang wika. Maaari silang tumalon. Maaari silang sumigaw. Kung hindi nababago ang kanilang buhay, sila'y. . .walang Buhay na naganap sa loob *nito*. Iyon pa rin ang dating buhay. Kung maililipat mo ang buhay mula sa isang punong peras, tungo sa isang punong mansanas, magbubunga ito ng mga peras na kasing tiyak ng ako'y nakatayo rito. Ang Buhay nito ang nagpapakita kung ano Ito; ang kagandahang-asal.

121 At ang Diyos ay nakagawa na ng mga himala. Tinitingnan ko, nakaupo roon, si Kapatid na Coat ay nakaupo riyan, diyan nga. At nang. . .Hindi niya ito alam. Subalit isang-isang tao nagsabi sa akin, "Kaunting araw na lang ang itatagal ng lalaking iyon, siya'y may kanser." Hayan siya't nakaupo riyan, magaling na sa umagang ito. Sa buong gusali, iba't-ibang tao sa buong bansa! Ano ito? Ito'y ang Diyos na gumagawa ng mga tanda at kababalaghan.

122 Pumunta sa Aprika, at nangangaral, libu-libo sa kanila ang nag-aalis ng kanilang pintura, at nagdaramit at mga bagay, at nagsisimulang kumilos tulad sa mahihinhing babae at mga maginoong lalaki.

123 Subalit, ang Amerika, ay, hindi. May telebisyon kayong pinanonood. Mayroon kayong mga bulgar na programa, na hindi sinesensor, na nasa te. . . radyo. Walang masama sa radyo at telebisyon kung tama ang inilalabas ng mga ito. Maaari itong maging paraan upang lumaganap ang Ebanghelyo. Subalit, kayo'y umuupo, at kinukuha n'yo ang inyong mga anak at itinututok ang kanilang mga ulo dito. At ang una n'yong malalaman, narito na sila sa labas, mga mumunting matatakutin at lahat na, umaarte at nanggagaya. Puwes, ito'y kahiya-hiya. Iyan ang inyong balon na iiinuman ninyo. Bakit hindi n'yo isara ang inyong mata riyan, at ituon ninyo ang inyong paningin sa Kalbaryo at magsabing, "O Diyos, puspusin ang pumapanaw kong kaluluwa"?

124 Makinig. Maaari kang hindi kumain sa loob ng mahabang panahon, subalit hindi ka makatatagal nang 'di umiinom. Walumpung porsiyento ng iyong katawan ay tubig. Ang unang kinilusan ng Diyos, ng Espiritu ng Diyos, ay ang tubig. At hindi ka mabubuhay ng walang tubig. At kung ang iyong kaluluwa ay lubos na nagnanasang sumamba; makinig, ginoo, Pentecostal, at Pilgrim Holiness, at Presbyterian, Baptist, sino ka man. Kita n'yo? Kung ikaw ay nagugutom, at nauuhaw, ibsan mo ang iyong pagkauhaw sa pamamagitan ni Cristo, at gawin mong Diyos mo si Cristo. Huwag kang tumalikod at uminom dito sa mga hindi umaagos na balong ito. Ang una mong malalaman, maaari kang umastang napaka-relihiyoso, subalit ang iyong tainga ay naselyuhan na sa Katotohanan. At naaalala n'yo ba? "Sila ay magiging magkatulad na magkatulad hanggang sa dadayain nito pati ang mga hirang. . ." At ang tanggihan ang Ebanghelyo ay nangangahulugan ng pagtanggap sa tatak ng halimaw. Tatatakan ka ng Diyos.

125 At ngayon, ano'ng ibig sabihin nito, na ito ay nasa—nasa iyong "ulo"? Ang iyong tainga ay nasa iyong ulo rin. Ano ito? Ang ulo mo ay ang iyong kaalaman.

126 "Ang pananampalataya'y nagmumula sa pakikinig," pakikinig hindi ng ilang alituntunin ng iglesia, kundi ng "Salita ng Diyos." [Blanko sa teyp—Ed.] At, kapag Iyon ay tinanggihan mo, ano'ng mangyayari? Ika'y seselyuhan. [Blanko.] "O, Iya'y walang katuturan," kung gayo'y tatatakan ka. At ang bukal na nasa iyong buhay ay magbubunga ng kung ano ka talaga. Nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."] Magsilabas kayo riyan, mga kaibigan. Kayong mga kalalakihan, at kababaihan, nakakahiya kayo!

127 "Paano ko ito matatakasan, Kapatid na Branham?" Ngayon, heto na kayo. Sa mga susunod na ilang minuto ay hayaan n'yong sabihin ko.

128 Sa Apocalipsis, ika-7 kabanata, may Anghel na lumabas upang mamuksa, apat Sila, at wawasakin nila ang buong sanlibutan. Ang sabi ng Diyos, "Sandali lang. Hawakan n'yo ang apat na hangin hanggang sa aming matatakan ang mga alipin ng ating Diyos sa kanilang mga noo." At taglay Niya ang Tatak ng Diyos na Buhay.

129 Ang Tatak ng Diyos na buhay ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Ang Efeso 4:30 ay nagsabing, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos." Iyan ba'y tama? "Huwag pighatiin." Huwag ninyong subukang kumilos tulad ng sanlibutan. Huwag n'yong isuot yaong. . .

130 Mayroon akong Lihim na iskala. Hayaan n'yong may sabihin ako sa inyo. Dadalhin ko ang mga iyon dito at babasahin ko ang mga iyon sa inyo kung gusto n'yo. Nasa akin ang panloob nito. Si Kapitan Al Ferrar ay isa sa mga naakay ko, ang hepe ng F.B.I.; patungkol sa mga kabataan. Maraming mga dakilang lalaki ang nakapasok na. At ang sabi niya, "Kapatid na Branham, kung ang tipong iyan ng Ebanghelyo ang ipangangaral, mawawalan kami ng trabaho." Tiyak ito, kung tatanggapin ito ng mga tao.

131 Subalit pinatatakan na nila ang kanilang mga tainga sa ilan sa mga aliping ito ng denominasyon, at sila'y umiinom sa mga lumang balon ng Presbyterian, Lutheran, Baptist, Pentecostal, iyon lang, at hindi nila nakikilala ang Diyos. Hindi nakabukas, ang kanilang mga puso. Ang kanilang buhay ang nagpapatunay kung ano ito; labis silang magagalitin, at, ikaw ay mumurahin karaka-raka, at sasabihin sa iyong tumahimik ka.

132 Aba, noong isang araw, isang hibang na babaeng drayber ang biglang lumusot sa karapan ko, muntik nang mapatay ang dalawa sa aking mga anak. Ang sabi ko, "Ale?"

133 Ang sabi niya, "Ngayon, itikom mo ang iyong bibig. Ako ang nagmamaneho."

134 At bago ako nakauwi, dalawampu't anim na babaeng drayber ang muntik maging dahilan ng kamatayan namin. Binilang namin ito. Nagkamali sila nang bigyan nila siya ng lisensiya para magmaneho.

135 Sila'y pinahintulutang bumoto. Inilagay nila sila sa mga gawaing pampublikong ito.

136 At noong panahon ng digmaan, dito mismo sa lungsod ng New York, mas maraming isinilang na anak sa labas dito sa

lungsod ng New York, ng mga patutot, na nasa ibang bansa ang mga asawa, kaysa sa mga sundalong namatay sa loob ng apat na taong digmaan.

137 Kapag ang isang babae ay umalis sa kusina, siya'y wala na sa kaniyang lugar; nangangaral man siya ng Ebanghelyo, o anuman ang ginagawa niya, siya'y wala sa kaniyang lugar. "Ang lalaki ay hindi ginawa para sa babae, kundi ang babae ay ginawa para sa lalaki." Ang lalaki ay hindi bungang produkto ng babae, kundi ang babae ang bungang produkto ng lalaki. Alam kong iya'y nakapapaso, subalit, ito'y tableta ng Ebanghelyo na makapagbubukas ng inyong espiritual na panunaw ng pagkain at magpapadaloy sa Espiritu Santo at kayo'y babaguhin kung Ito'y paniniwalaan n'yo. Amen. 'Yan ang sabi ng Biblia!

138 Ngayon ba'y nakaririnig pa kayo, o ang tainga n'yo ba ay barado na? Ngayon, kung pinagdududahan n'yo ito, basahin n'yo ang Unang Corinto ika-11 kabanata, paglabas n'yo, alamin n'yo kung hindi nga. Alamin n'yo kung iya'y hindi totoo. Iba pang mga Kasulatan, Isaias 6, Isaias 5, ay naku, sa buong Kasulatan; sa Colosas, sa Galacia, si Pablo ay nangungusap, ang sabi, "Sundin n'yo ang inyong asawang lalaki." Katulad ng inyong. . .

139 Subalit ang iyong asawang lalaki ay makitid ang baywang, isang binabaeng panghalili sa Cristiano; siya'y isang kahihiyan sa sangkatauhan, lalo pa sa Kaharian ng Diyos, kung pumapayag siyang gawin mo ang ganiyan. Sapagkat, mas natatakot siya sa iyo kaysa sa Diyos; baka sipain mo siya. Hindi mahalaga sa kaniya kung sipain siya ng Diyos; makapupunta siya sa mga Presbyterian o sa mga Metodista. Subalit kung ikaw ang sisipa sa kaniya, "Ay, naku, ano ang mangyayari?" Ikaw na diyosa, at ikaw na mangingibig ng diyosa, bakit di ka magpalagay ng gulugod sa iyo!

140 Hindi ko alam kung bakit ako nangungusap nang ganito. May nagbubunsod sa akin upang sabihin Ito. Hindi ko alam. Iya'y tama. Hindi ko kayo pinagagalitan. Kababaihan, kalalakihan, nagbababala lang ako sa inyo. ITO ANG SABI NG PANGINOON, "Makipag-ayos kayo sa Diyos."

"Paano ko ito matatakasan, Kapatid na Branham?"

141 Hindi kailanman sa pagsanib sa iglesia. Maaari kang mabautismuhan sa Pangalan ni "Jesus," sa Pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," nang tatlong ulit na pasubsob, tatlong ulit na patihaya, patiwarik, paano mo man gusto. Maaari kang wisikan, buhusan, ilagay ang iyong pangalan sa aklat. Subalit hanggang ikaw ay maisilang na muli ng Espiritu ng Diyos, ang buhay na iyan ng Diablo ay mananatili sa iyo. Iya'y tama. Nauunawaan n'yo ba? [Kongregasyon, "Amen."—Ed.]

142 Ngayon makinig nang husto, bago tayo magtapos. "Paano ko ito matatakasan, kapatid?" Lalaki o babae man ay hindi tinatanggap o tinataboy. Kayong lahat ay iisa sa paningin ng Diyos, pagdating dito. Paano mo itong gagawin?

143 Ang puso n'yo ay isang sinapupunan. Nalalaman n'yo kung ano ang sinasabi ko, kayong mga kababaihan at kalalakihan. Ang puso n'yo ang sinapupunan. At ang sinapupunan ang humahawak ng Binhi, at ang Binhi ay ang Ebanghelyo. Ngayon, ang Binhi, kung ito lamang ang nasa puso; kahit gaano karaming Gamaliel ang magturo sa iyo, kahit gaano kadakila ang pastor mo, at gaano mo man binasa ang Biblia; Ito ay hindi sisibol malibang maparoonan Ito ng mikrobyo ng Buhay.

144 Kahanga-hanga ang isang itlog ng babae. Ito ang bumubuo sa katawan, subalit wala itong buhay. Hindi nito kaya. Ito'y imposible. Wala itong buhay, simula't sapul. Kaya, gaano mo man kaalam ang Biblia, at gaano man kahusay ito sa iyong puso, ika'y makasalanan pa rin.

145 Ngayon ano'ng nangyari? Ang puso ang sinapupunan, at ang pananampalataya ay nagmumula sa pamamagitan ng bukas na tainga na hindi naselyuhan ng teolohiya. Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig, ang makinig. Ang Salita ay pumapasok sa diwa. Tiyakin mo sa iyong isipan ang tungkol Dito. "Iyan ba ay tama? Tama kaya Iyan? Aba'y sinabi ito ng Biblia. Sinasampalatayanan ko Ito." Whoosh! Sa kaibuturan ng puso Ito'y nagtutungo. Kung gayon, ito'y isang sinapupunan. Pagkatapos ang binhi ng lalaki...Tayo ang Nobya, ang babae. Ang Binhi ay nagtutungo sa Iglesia.

146 Pagkatapos ang binhi ng Lalaki, na siyang selula ng Dugo, ang Dugo ni Cristo ay naipapahid. At sa Dugo nagmumula ang similya ng Buhay na pumapasok sa itlog at nagluluwal ng isang bagong silang na sanggol na sumisigaw ng "Abba Ama! Abba Ama! Diyos ko! Diyos ko, bakit ko ginawa ang lahat ng mga bagay na ito? Diyos ko! Diyos ko!" Hayan ka.

147 Ang munting sinapupunan na nasa iyong puso, na may Binhing nahuhulog Dito sa umagang ito, ay nagnanasang buksan mo ang iyong mga mata, nagnanasang hayaan mong mahulog Ito (hindi mula sa iyong kaisipan) sa loob ng sinapupunan ng iyong puso. Kalalakihan man o kababaihan, magkahalintulad, walang lalaki o babae man sa uring ito. Kapuwa kayo may puso. Hayaan n'yong Ito ay mahulog *dito*, at sabihin, "Aba, tiyak, 'yan nga ang Katotohanan."

148 Tingnan, ang Biblia ay nagsabing, "Huwag kayong kumilos nang tulad sa mga hiteno, sa mga di mananampalataya. Huwag kayong makipamatok sa kanila. Lumabas kayo sa kanila. Huwag kayong magkaganito." "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay ng sanlibutan," ang mga uso nito. Ang salitang iyan ay nagmula sa salitang Griegong

*kosmos*, na ang ibig sabihin ay "ang kasalukuyang takbo ng sanlibutan." "Kung iniibig n'yo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag–ibig ng Diyos ay wala pa sa inyo." Hindi pa kailanman kayo naisisilang.

149 Kung gayo'y hayaang ang Lalaki, si Cristo Jesus, ang ating Mangingibig, na may Binhi sa inyong puso, naparoon Siya sa Kaniyang Binhi upang Ito ay bigyang buhay. "Ang Salita, ang titik, ay pumapatay. Ang Espiritu ang nagbibigay Buhay." Ang titik, kung nag–iisa, ay pumapatay. Subalit kapag dumaan ang Espiritu Santo sa naglilinis na Dugo, patungo sa sinapupunang ito, ang punla ay kikislot.

150 Ano ang nagaganap sa isang ina? Ang munting itlog ay nakahimlay doon, ang munting itlog ng babae ay nakahimlay doon at naghihintay sa lalaki. At sa sandaling dumating ang similya ng lalaki ay, ang similya ng lalaki ay nangagmamadali. At ano ito? Isang selula ng dugo. Binubuksan nito ang sarili. (O Diyos, nauunawaan n'yo ba kung ano ang nais kong ipakahulugan, Diyos?) Pagkatapos ay binubuksan nito ang sarili, at sa palibot nito ay nabubuo ang isang munting bulsa ng dugo. Sa loob nito, ay binubuhay ang munting itlog. At, doon, ay nagsisimula itong sumibol. Doon, ay naghahatid ng buhay.

151 Tayo ay ipinaglihi ng Espiritu Santo. Ang Espiritu ng Diyos ay nagtutungo sa ating mga puso, naghahatid ng isang bagong Persona, si Cristo Jesus. Ang mga dating bagay ay nangamamatay.

152 At kung tatanggihan mo Itong dinggin, at magpapatuloy kang magsabing, "Buweno, ang sabi ng mangangaral ko *ganito, ganoon*, at *iba pa*," at tanggihan mong magkaroon ng Buhay, ikaw ay mababaog. Kung magkagayon siya ay... Darating ka sa puntong hindi ka na magkakaanak. Baog ka na. Ikaw ay nasa kahihiyan. Hindi ka na magkakaanak. At kung labis mong pinipighati ang Espiritu ng Diyos, ikaw ay maseselyuhan, hindi mo na Ito maririnig pang muli.

153 Nang una n'yo Itong marinig, ay, naku, pinahaba n'yo ang inyong buhok; kumilos kayong tulad sa mga binibini; hindi nagsusuot ng mga bagay na ito; kumilos kang tulad sa isang binibini. Kumilos ka tulad sa isang lalaki; pinanatili mong maayos ang iyong tahanan. Ginawa mo ang mga bagay na iyon. Subalit, bigla na lang, nagsimula itong umikot. Ano iyon? Hindi mo hinayaang makapasok ang Buhay at makakilos Ito. Namatay ka, nang wala sa oras. Iya'y tama.

154 Ngayon hayaan mong makapasok ang Espiritu ng Diyos, sa pamamagitan ng pakikinig ng Salita. Narinig mo Ito; iyan ang Biblia. Kung tatanggapin mo ang tatak ng halimaw, ikaw ay napahamak na magpakailanman. Kung tatanggapin mo ang Selyo ng Diyos, ikaw ay maseselyuhan magpakailanman. At hayan ang dalawang espiritung kumikilos.

155 Marahil sa Linggo, sa loob ng isang linggo, o pagbalik na pagbalik ko, tatapusin natin ito at tutungo tayo roon at titingnan natin kung ano ang mga ito.

156 Tatanggapin mo ba Ito, ngayong umagang ito, habang tayo'y nagsisiyuko sa isang panalangin.

157 Ang ating kapatid na babae ay paririto sa piyano, sa pagkakataong ito, kung nais niya, habang tinitiyak ninyo ang inyong kaisipan. Sa araw na ito, nakaupo rito, ay mga taong kasalukuyang gumagawa ng inyong. . .marahil ng inyong huling kapasiyahan. Kayo'y magkakagayon o hindi.

158 Nagkasala ka na ba ng lubusan kapatid kong babae, kapatid kong lalaki; nagkasala ka na ba ng lubusan at natawid mo na ba ang hangganan, hanggang sa iniisip mo nang Iyo'y kamangmangan, hanggang sa ipinapalagay mo nang Ito'y hindi Salita ng Diyos? Umabot ka na ba sa ganiyang kalagayan?

159 O, mayroon ka pa rin bang kaunting kalansing diyan, ang pintuan ay hindi pa lubusang nakapinid? Sabihin mo, "Oo, kapatid, naniniwala akong Ito ang Katotohanan. At sa umagang ito, tinatanggap ko Ito. At mula sa araw na ito, nais ko, sa biyaya ng Diyos, na baguhin ang aking buhay. Itinataas ko ngayon ang aking mga kamay kay Cristo Jesus, at hinihiling sa Kaniyang maging mahabagin sa akin at padaluyin niya ang Kaniyang Buhay papasok sa akin, at gawin akong isang bagong silang na sanggol sa Kaharian, upang matulad sa Kaniya ang aking buhay." Gagawin mo ba ito habang itinataas mo ang iyong mga kamay kay Cristo? Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, ikaw, at ikaw, at ikaw, at ikaw. Mayroon pa bang iba, magtataas ka ba ngayon ng iyong mga kamay, "Tinatanggap ko si Cristo. Sumasampalataya ako Rito?" Naririnig ka Niya. Kilala ka Niya.

160 Tingnan ang nagaganap sa mundo. Tayo'y nasa pagtatapos na. Kakaunting araw na lang ang nalalabi sa inyo, kaibigan. Alam n'yo ba, na mayroon nang nakaumang doon sa Russia, na may tatak ng inyong pangalan? Alam n'yo, doon sa impiyerno, ang pananda ay nakasabit sa pintuan, inaabangan ang inyong pagdating doon isa sa mga umagang ito?

161 Makabubuting hayaan n'yo ang Isang Iyon na makaparoon at makapag-aalis nito para sa inyo, aalisin ito. Iisa lang ang makagagawa niyan; iyon ay ang Anak ng Diyos. "Ako ay nanagumpay laban sa kamatayan at hades. Ako Yaong namatay at ngayon ay nabubuhay magpakailanman." Lahat ng iba pang saligan ay lumulubog na buhanginan.

162 Mayroong mga anim o walong nagtaas ng kanilang kamay. Mayroon pa bang iba, habang kayo ay nagpapasiya? Itaas n'yo lang ang inyong kamay sa Diyos, at sabihing, "Ngayon itinataas ko ang aking kamay kay Cristo, upang maging lingkod Niya mula sa araw na ito." Pagpalain ka ng Diyos

diyan, binibini. Mayroon pa bang iba habang tayo ay naghihintay ng saglit. "Itataas ko ang aking kamay kay Cristo. Mula sa araw na ito, ibinabasura ko na ang sanlibutan mula sa aking puso. Muli kong dinadalisay at nililinis ang aking puso. Nais kong makilala si Cristo."

163 "Ang makilala Siya ay Buhay." Hindi ang makilala ang Biblia, ay Buhay; hindi ang makilala ang teolohiya, ay Buhay. Kundi, "Ang makilala si Cristo, ay Buhay."

164 Maaari bang itaas n'yong muli ang inyong kamay? Mayroon pa bang iba, bago tayo magtapos? Ito'y kasiyahan n'yo. Ang tanging magagawa ko ay mangaral ng Salita. Hinatid Ito ng Espiritu Santo. Anong nais n'yong gawin Dito? Matatanggap n'yo ba Ito?

165 O, ang inyo bang tainga ay mahigpit nang naselyuhan, "Ay, buweno, narinig ko na Iyan. Ako ay...Sa ibang pagkakataon na lang." O ang Diyos, ay mahabag nawa sa iyo, naliligaw kong kapatid. At hindi mo alam, bago mo pa lisanin ang pintuang iyan, maaaring tumigil sa pagtibok ang iyong puso. Hindi mo alam kung ikaw ay makauupo pa sa ibang pagtitipong pang-Ebanghelyo. At mauupo ka ba roon, kapatid kong lalaki, babae, sa ganiyang katayuan, at hindi magnanasang magsabing, "Cristo, mahabag Ka sa akin. Nagkamali ako. Patawarin Mo ako. Nais kong magsimulang muli sa araw na ito"? Mga anim o walong kamay ang tumaas. Mayroon pa kayang iba bago ako magwakas, bago ako manalangin? Sasamahan ko kayo sa panalangin, at pagkatapos ay mananalangin tayo para sa mga may sakit. Tama. Manatili tayong nakayuko.

166 Mahal na Diyos, opo, tulad ng isinulat ng manunula, "May bukal na puno ng Dugo, na nagmumula sa ugat ni Emmanuel." Napagtatanto namin na ang Kaharian ng Diyos ay wala sa kung ano'ng kinakain namin o iniinom, o isinusuot na damit. Napagtatanto namin iyan, Diyos, na hindi namin itinitigil *ito*, at itinitigil ang pagsusuot *nito* at *niyon*, upang kami ay mabago. Subalit kapag ang Espiritu ni Cristo ay nanuluyan, Ito na Mismo ang gagawa nito. Hindi ang aming ginagawa, kundi ang Kaniyang ginagawa. Kung ano ang Kaniyang ginagawa!

167 Diyos, alam kong naging napakatigas nito, naging nakakasugat. At alam kong ang Ebanghelyo ay, ang sabi mo, "Mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim, bumabaon hanggang sa kasu-kasuan ng mga buto at nakakikilala ng espiritu."

168 At idinalangin ko, Ama, na itong mga nagkaroon ng kumbiksiyon, na walo o sampung kataong narito sa loob ng gusaling ito, na nagtaas ng kanilang kamay, upang malamang sila ay nasa pagkakamali. Ang kanilang mga buhay ay hindi

makasabay sa Iyong Salita. At itinaas nila ang kanilang mga kamay upang maalala sa panalangin. At idinalangin ko sa Iyo, Makalangit na Ama, sa araw ding ito, na Iyong pakabanalin ang kanilang mga puso palayo sa lahat ng mga bagay ng sanlibutan, upang ang Iyong Espiritu ay makatuloy sa kanilang mga buhay, at doon ay biyayaan sila. At ang mga bagong–silang na sanggol nawa, Cristo, ay maging tiyak na katibayan sa buong mundo, bilang isang liham na binabasa ng lahat ng tao.

169 Paano, Ama, Maaari ba sa isang babae, na nagsasabing siya ay Cristiano, gayong nagsusuot siya ng malaswa. Tao, Iisa lang ang gumawa niyaon, Ama, sa Iyong Salita, at iyon ay si Jezebel; ipinakain Mo siya sa mga aso, at ibinigay siyang halimbawa ng kung gaano siya naging kasuklam–suklam na nilikha.

170 At kung papaanong sumayaw ang anak ni Herodias na suot ang mapanuksong damit, sa harapan ng kaniyang ama–amahan! Walang kaibahan sa mga makabagong sayawan ngayon! At sa pagkakaalam ko sa kasaysayan, pitumpu't dalawa sa kaniyang mga anak na sumusunod sa kaniya, sa mga sumunod na salinglahi; ang nangamatay sa bigtihan, at mga patutot. Napakagandang halimbawa! Ang Minamahal na si Juan, na ang ulo ay inilagay sa bandehado, ay nagpapatotoo sa lupa ngayon, na may katuwiran sa Diyos.

171 Mangyari rin nawa sa amin ngayon, Diyos, na ang bawat isang naririto na wala pa kay Cristo; dalhin Mo sila sa pagkaunawa, Ama, na ang mga Salitang ito ay hindi kabulaanan. Ang mga Ito'y Salita Mo. At ang Biblia ay Katotohanan, at ang oras ay napakalapit na. Magkaloob Ka ng biyaya at habag sa mga naghahanap. Hiling namin ito sa Pangalan ni Cristo. Amen.

172 Minsan pa sama–sama tayo ngayon, dahan—dahan, *Mayroong Bukal na Puno Ng Dugo*.

173 Pagkatapos na pagkatapos ng gawaing pagpapagaling, nais kong ang bawat isang nagtaas ng kanilang kamay, ay personal na magtungo sa altar, lumuhod at manalangin, na nakataas ang kamay. "May magagawa ba iyan?" Opo, Ginoo. Tiyak na mayroon.

174 "Ang dumiririnig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan." Ginagawa ka Niyang isang bagong nilalang. Ngayon, hindi ko ibig sabihing gunigunihin mo lang ito. Ang ibig kong sabihin ay gawin mo. At ang bunga mo ang magpapatunay nito.

175 At pagkatapos mong gawin iyan, kung magkagayon, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayo'y binabautismuhan tungo sa Katawan" ng kapangyarihan at paglilingkod. Hindi Niya kailanman sinabing tatanggapin n'yo ang "bagong pagsilang"

matapos na dumating sa inyo ang Espiritu Santo. Ang sabi, "Tatanggapin ninyo ang kapangyarihan pagdating sa inyo ng Espiritu Santo," magkaibang-magkaiba. Hindi bagong Pagsilang, kundi bagong kapangyarihan. Ikaw ay isinisilang na muli sa pamamagitan ng pagsampalataya; sumasampalataya ka patungo sa Buhay na Walang Hanggan. Subalit ikaw ay binabautismuhan ng Espiritu Santo, hanggang sa ang kapangyarihan, kapangyarihang maglingkod. Hayan, sabay-sabay tayo.

Mayroong. . .na puno ng dugo
. . .hinugot mula sa mga ugat ni Emmanuel
Ang makasalanang inilulublob, sa ilalim ng baha,
Mawawala ang lahat ng mantsang pagkakasala.
Mawawala ang lahat ng mantsang pagkakasala,
Mawawala ang lahat ng pagkakasala. . .

176 Ngayon, isa ka sa kanila, ngayon. Ano? Walang panggitna. Kung hindi ang tatak ng halimaw ng sanlibutan, nang napariwarang iglesia; o, ang Selyo ng Diyos, Banal, ang katanggap-tanggap. . .?. . .

177 Ngayon, habang, sa isang sandali lamang. Alalahanin, sa araw na ito, na bawat taong lalabas sa pintuang ito, ay alin sa dalawa, aalis na may tatak ng Diyos, o kaya'y may tatak ng katapusan, nang napariwarang iglesia.

178 "O," sasabihin mo, "Kapatid na Branham, ako ay pumunta. . ." Walang anumang kinalaman iyan dito. Ang Diablo ay nagsisimba rin; napakarelihiyoso niya. Ang Biblia ang nagsabi nito.

179 Isinilang ka na bang muli? Ang buhay mo ba ay nakasusunod sa Kaniyang Salita? Ang iyong kilos ba, ang iyong buhay, ang iyong pananamit, ang iyong pag-uugali, ang iyong espiritu, ang iyong pananampalataya, ay naiaangkop lahat sa Salita ng Diyos? Kung gayon ipinamamalas niyan na ang buhay na nasa iyo, ay ang Cristong buhay.

Gayon, minsan pa, malumanay at magiliw.

Ang naghihingalong magnanakaw (sa kaniyang huling sandali) ay nalugod na makita
Yaong bukal sa kaniyang araw;
Nawa akong kasing dumi niya,
Hinugasang lahat ang aking pagkakasala.

180 Sabay-sabay na ngayon. At medyo ipikit lang natin ang ating mga mata at itaas ang ating mga kamay sa Diyos, habang inaawit natin ito.

Ang naghigingalong magnanakaw ay nalugod
na makita
Yaong bukal sa kaniyang araw;
Nawa akong kasing dumi niya,
Hinugasang lahat ang mga kasalanan.
Hinugasang lahat ang mga kasalanan;
Hinugasang lahat ang mga kasalanan;
Nawa akong kasing dumi niya,
Hinugasang lahat ang mga kasalanan.

181 Hindi ba't may nagagawa ito sa inyo, ang malamang si Cristo ay nagpapatawad sa bawat kasalanan? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."—Ed.]

182 Kamakailan lamang, sa Bombay, India, may limang daang libong nakaupo roon. Nang makita nilang nakakita ang isang lalaking bulag na naroon, isang Buddha. . .isang Mohamedan. Lahat ng kanilang propeta ay nagapi. Nangakatayo sila roon, at ang sabi ko, "Sumasampalataya ba kayo ngayon na Siya ay buhay?" Makikita mo ang libu-libong mga kamay na nagsitaas.

183 Nakaupo roon, sa Durban, sa Timog Aprika, kung saan tatlumpung libo ang minsanang tumanggap kay Cristo, matapos na ang isang lalaking malala ang pagkalumpo, ay naituwid Niya.

184 Hindi pa katagalan dito sa Winnipeg, sa Tsina. . .o sa Winnipeg, Canada; isang munting batang Insik na lalaki, isang munting mananamba ni Buddha, mga ganito kataas, tila isang unano ang lumapit. Siya ay bulag. Siya noo'y sumasamba kay Buddha.

At ang sabi ko, "Kung pagagalingin ka ni Cristo, paglilingkuran mo ba Siya?"

185 Ang sabi niya, "Wala akong ibang diyos na paglilingkuran kundi yaong Isang magpapagaling sa mga mata ko."

186 Habang siya ay nakatayo roon, bumukas ang kaniyang mga mata. Nagsimula siyang tumangis. Tumingin siya sa paligid; ang sabi niya, "O, nakakakita na ako." Ang unang sinabi niya, ang sabi, "Nakikita ko ang krus kung saan inalis ang aking kasalanan."

187 At iniisip ko ang krus sa buong bansa, at nakikita ko ang iba't ibang mga tao, nakikita ko ang mga dakilang tandang dumarating, na sinabi ni Jesus na mapaparito. Ang sabi, "Panahon ng kahirapan; kasalatan ng mga bansa."

188 "Mga karuwaheng walang kabayo ay magsisidaan sa mga lansangan," na may mga pang-harap na ilaw, "na nag-gigitgitan." At magkakaroon ng lahat ng mga bagay na ito na sinabi ng mga propeta sa nagdaang mga panahon; kung papaanong sila ay tatahak sa himpapawid, tulad sa mga ibon, at sa ilalim ng tubig, tulad ng isda.

189 "Kung papaanong ang dakilang alitan sa pagitan ng mga bansa," at tingnan ang lahat ng mga bagay na ito. Ang sabi Niya, "Sa araw na iyon, itataas nila ang Espiritu ng Diyos. Ito ay gagawa ng mga kabayanihan, tanda at kababalaghan. Ito ang magiging panahon ng katapusan." Ang sabi Niya, "Magkakaroon ng Liwanag sa gabi. Lahat ng bansa ay magsisilapit."

Ang Diyos ay nananawagan ngayon. Dinadalangin kong tanggapin n'yo Siya.

190 Ngayon, mamayang gabi ay may gawain sa tabernakulo. Ang ating lubos na ginagalang at minamahal na Kapatid na Neville ang magsasalita, sa palagay ko, mamayang gabi. Nilalayon ko ring maparito mismo, kung loloobin ng Panginoon.

191 Junie, sisikapin kong makapunta sa inyong lugar, sa Huwebes ng gabi, kung magagawa ko, kung ito'y posible. At doon sa New Albany, pakiwari ko'y iyan ay gabi ng inyong gawain, hindi ba?

192 At sinisikap kong makarating sa mga maliliit ninyong iglesia. At ngayon, mga mahal na kaibigan, sa susunod. . .

Makinig kayo sa pagbobrodkas ni Kapatid na Neville.

193 Nais kong ipagpatuloy itong "tatak ng halimaw" at ipakita sa inyo kung nasaan na talaga ito ngayon; ipakikita ko sa inyo kung saan nakapuwesto ang bawat tribo ng Israel; ipakikita ko na ang lahat ay handang-handa na para sa paglabas ng Salita mula sa Kalangitan. "Narito, Siya ay dumarating." Kita n'yo? Iya'y tama. Ako'y nag-aaral, at nagbabantay, at naghihintay, at nananalangin.

194 Ngayon, ang gawain ko sa umagang ito, at ngayon, ay ang panalangin para sa maysakit. May ilang pumarito mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa, upang maipanalangin. At sadyang nais nating sila'y ipanalangin. Nais kong tiyakin sa inyo na ang Diyos ang tagapag-pagaling, na pinagagaling Niya ang lahat ng uri.

195 Ilan ba rito ang napagaling na? Tingnan natin ang mga kamay na tataas. Ngayon nakikita n'yo. At kung ako'y magtatanong, may kanser, pagkabulag, bingi, pipi, lumpo. Isipin n'yo lang kung ano'ng magaganap sa araw na iyon.

May isang nagsabi, "Hindi ako naniniwala sa pagpapagaling."

196 Ang sabi ko, "Medyo nahuli ka nang dating." Iya'y tama. "Nahuli ka nang kaunti. Naunahan ka ng Espiritu Santo rito."

197 Noong isang araw, nang malaman kong ang kapatid ko ay naghihingalo na roon, at ako ay nasa Canada, doon mismo sa hangganan ng Canada, ang Panginoon ay naging mahabagin; may lagnat, siyento siyete, siya'y naluluoy na. At ako'y

nakaluhod doong nananalangin. At ang mga duktor ay pumasok, ang mga espesyalista sa Louisville, at nagsabing, "Ngayon, anak, hindi ko alam kung ano ang pananampalataya mo, subalit," ang sabi, "mayroong Isang naririto maliban sa duktor." Iya'y tama.

198 Kahapon dinala ko siya sa Scottsburg upang kunin ang kaniyang kotse. Ang sabi nila siya'y. . .Ang sabi, "Binibigyan nila siya ng isang oras para mabuhay upang maipatawag ang kaniyang mga kamag-anak. 'Pagkat kung higit sa isang oras ang layo nila, hindi na nila kailanman siya makikita." Buweno, iyan ay nagpapakita lamang na binabago ng panalangin ang mga bagay-bagay. Lubos akong nagagalak na mayroon tayong buhay na Diyos! Ang milyun-milyong patotoo ng Kaniyang kaluwalhatian.

199 Ngayon, Kapatid na Gertie, ang kilalang lumang awiting, "Huwag matakot, munting kawan, anuman ang inyong palad."

200 Siya'y naririto. At ngayon, ilan ang naririto upang maipanalangin? Tingnan natin ang inyong mga kamay. Maari bang itaas n'yo ang inyong kamay, yaong mga ipapanalangin? Mga, wari ko'y mga labinlima. At nais naming kayo'y. . .

201 Ngayon, habang tayo'y umaawit ng *Paniwalaan Lang*, nais naming lumapit kayo sa altar, upang maipanalangin.

202 At pagkatapos pagdating n'yo rito, pauwiin na natin ang mga tagapakinig. Maari silang manatili o umalis na, at pagkatapos ipapanalangin natin ang mga may sakit. O, sandali lang, marahil sandali lang ito. Ang ilan ay. . .Maaaring gumawa ang Diyos ng isang bagay dito, sa umagang ito, na iibigin ninyong makita. Marahil may bulag, o bingi, o pipi, sila'y maaaring pagalingin ng Panginoon. Kaya hindi natin alam kung ano talaga ang mangyayari.

203 Ang pagtitipon natin sa tabernakulo, ay dinaraos natin nang kaiba ng kaunti sa ginagawa natin sa pagtitipon sa labas. Karaniwan ay dinadala natin sila, nang paisa-isa, para sa pagkilala, upang malaman kung ano'ng nasa buhay nila, at kung ano'ng nagawa nila. Dito ay ipinapanalangin natin at pinapatungan sila ng kamay, 'pagkat ito'y maramihan, ang mga tao'y nanggaling sa lahat ng bahagi ng bansa.

204 Ipakikita ko sa inyo. Mayroon ba ditong nagmula sa limampung milya ang layo sa Jeffersonville, na pumarito upang maipanalangin, itaas n'yo ang inyong kamay. Hayan. Ilan ang nagmula sa layong isandaang milya? Itaas n'yo ang inyong kamay. Hayan. Dalawang daang milya? Tatlong daang milya? Nakikita n'yo ba iyan? Kita n'yo? Hayan kayo, kita n'yo! Marahil mula pa sa napakalayong lugar, ang ilan ay mula sa iba't-ibang dako. Sila'y nagsisiparito, naghihintay sa mga hotel na naririto at iba pa hanggang Linggo ng umaga, upang maipanalangin.

205 Kaya, upang maipanalangin silang lahat, matapos ang pangangaral, tayo ay lumalapit na lang at sila'y ipinapanalangin at nilalangisan, pinapatungan ng kamay. At, o, ganoon na lamang gumawa ng himala ang Diyos para sa atin, at tayo ay sumasampalataya.

206 Ngayon, habang tayo'y umaawit, nais n'yo bang. . .Iniisip ko kung sila'y gagawa ng isang pila. Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng McSpaddin, iniisip ko kung makalalapit kayo *rito*, nang kaunti, ilan sa inyo riyan, upang makaparito sila at makapila sa kahabaan ng altar. At hayaan silang pumila *rito*, sa gawing *ito*; upang makaraan sila *rito*, sa gawing *ito* sa tabing ito. Samantalang ang iba pa sa atin ay umaawit ng, "Mayroong Bukal na puspos ng Dugo." Sa aking kanan, pumila kayo *rito*. At ang lahat ay ipapanalangin sa kanilang pagdaan sa pila. Lumapit lang kayo nang hanggang *dito*, upang sila ay makabalik. [Blanko sa teyp.—Ed.]

. . .bukal puno ng Dugo,
Hinugot mula sa mga ugat ni Emmanuel,

. . .kanilang mantsang pagkakasala;
Mawawala ang lahat ng matsang;
Ang makasalanan kung inilulublob, sa baha
Mawawala ang mantsang pagkakasala.

207 May dalawang maliliit na batang lalaki na dapat sana'y naririto mula sa timog. Dumating ba sila? Yaong ipinanganak na bingi at pipi, dalawang maliliit na batang lalaki na ipinanganak na bingi at pipi. Sila'y munting kambal. Mula sila sa itaas ng Sturgis, Michigan. Dapat sana'y naririto sila sa umagang ito, kapuwa sila, ipinanganak na bingi at pipi. Naririto ba sila? Itaas n'yo ang inyong kamay. Mula sa Sturgis, Michigan. Kung sila'y naririto, nais kong dalhin n'yo sila rito. At gamitin natin sila bilang isang halimbawa, upang ipakitang magagawa ng Diyos na makarinig ang bingi at pagsalitain ang pipi. Dalawang maliliit na batang lalaki mula sa Sturgis, Michigan, nakarating ba sila? Tinawagan nila ako kahapon ng tanghali.

208 May nakikita akong dalawang maliit na batang pumanhik. Sandali lang, aalamin natin. [Huminto si Kapatid na Branham—Ed.] Tanungin n'yo ang kapatid na lalaking iyon kung siya'y mula sa Sturgis? Mula ka ba sa Sturgis, ginoo? ["Hindi. Hindi. Hindi."] Salamat. Mabuti. Mabuti.

209 Buweno, iya'y mabuti. Alam n'yong ang Diyos ay nagpapapagaling. Alam n'yo iyan, kaya ang kaso n'yo marahil ay isang bagay na hindi maaaring. . .

210 [Blanko sa teyp—Ed.]. . .Kung may magagawa ako para sa inyo, upang matulungan kayo sa anumang paraan, at ito ay hindi ko gagawin, magiging napakalupit kong tao.

211 At ang Diyos ay magiging gayon din. Kung ako'y magiging malupit sa hindi pagtulong sa inyo, kung magagawa ko, (at ako, na isang tao, at ibibilang n'yo akong malupit, na lalabas ngang gano'n ako), gaano pa kaya ninyo ibibilang ang Diyos, Na makapangyarihan sa lahat, nakaaalam ng lahat, at sumasalahat? Paano kayo makapagpapatuloy nang hindi n'yo Siya binabansagang malupit, kung hindi Niya ito gagawin? Subalit ginawa na Niya ito.

212 Isang bagay lamang ang hinihiling Niya: ang panampalatayanan ito. Iyan lang ang tanging batayan.

213 Kung ang inilagay Niya ay, "Kung kayo ay magbabayad ng ganitong halaga," tingnan n'yo kung saan kayo tatayo; wala kayo nito. Ano kaya't kung sabihin Niyang, "Kung nais n'yo," marahil ipagawa sa inyo ang ilang mga bagay na hindi n'yo kayang gawin?

214 Subalit may iisang bagay na abot-kamay ng bawat isa: ang pananampalataya. Sampalatayanan n'yo lang ito. "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit. Ibabangon sila ng Diyos."

215 At kung ang mga hiteno, ang mga Buddha, at iba pa, at mga 'di-mananampalataya, mga katutubong pagano na sumasamba sa mga diyos—diyosan, ay nakatanggap Nito at gumagaling sa pagkabulag, pagkabingi, pagkaparalisado.

216 Sa Timog Aprika, sa isang panalanging iyon sa kongregasyon, dalawampu't limang libong tao ang gumaling. Pitong trak na puno ng mga saklay at—at wheel chair, at mga bagay-bagay na pinaglulanan nila sa kanilang mga mahal sa buhay, ang pinulot sa lupa, matapos ang isang panalangin. Pitong trak ang napuno; upang malinis ang lugar na iyon para sa susunod na pagtitipon. O Diyos!

217 Tayong, abang, mga edukadong hiteno, ay puspos ng pagdududa at pagkatakot, bakit n'yo ito ginagawa? O, makaaalpas ba tayo, sa lubid, sa umagang ito? Sabihin nating, "O, may bukal na puspos ng Dugo. Ang aking mga tainga ay bukas. Ang puso ko ay bukas. Ang Binhi ay naririto. Halika, Panginoong Jesus, at gawin Mo Itong totoo sa akin." At ipagkakaloob ito ng Diyos.

218 Nakatayo rito ang isang matandang lalaki na nakilala ko kani-kanina lang, pagpasok ko sa pintuan. Naparito siya dating taglay ang sakit sa apdo, maraming taon na ang nakalipas. Pinagaling siya ng Diyos, pinagaling siya nang lubusan. Ang sabi, "Kapatid na Branham, hindi ko alam na ikaw ay mananalangin para sa may-sakit. Kaya, ako ay pumarito. . ." Inatake siya sa puso. Ang sabi, "Naparito ako, nang nakahilig lang sa mga bagay-bagay." At narito siya ay nakatayo sa altar, sa umagang ito, ngayon. Pagkatapos kong

manalangin para sa kaniya kanina, narito't nakatayo siya rito. Ang Diyos ay mabuti. Hindi ba? Siya'y mabuting Diyos. Siya ay mapagmahal.

219 Ngayon, sa inyong lahat, mananalangin ako para sa bawat isa sa inyo, ngayon din.

220 At nais kong itanong kung ilan sa mga taong naririto, na—na kayang tumayo, makaramdan para sa mga may sakit na ito, mananalanging kasama ko, habang itinataas n'yo ang inyong kamay. Ngayon, ano ang sinasabi ng Biblia? "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit. At kung ipapatong nila ang kanilang kamay sa may sakit, sila ay magsisigaling." Tama ba iyan?

221 Ngayon kayong mga nakapila, nais kong idalangin n'yo ang panalanging ito. Ngayon sasabihin ko ito. Idalangin n'yo rin ito. Ngayon habang nakayuko tayo, sabay-sabay kayong lahat. Yaong mga nakatayo rito, nais kong manalangin kayo.

222 Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ["Diyos na Makapangyarihan sa lahat,"] May likha ng Langit at lupa, ["May likha ng Langit at lupa,"] May akda ng walang hanggang Buhay, ["May akda ng walang hanggang Buhay,"] ako ngayo'y sumasampalataya ["ako ngayo'y sumasampalataya"] kay Jesus Cristo, na Iyong Anak. ["kay Jesus Cristo, na Iyong Anak."] Matapos ko Siyang tanggapin bilang sarili kong Tagapagligtas, ["Matapos ko Siyang tanggapin bilang sarili kong Tagapagligtas,"] ako ngayon ay lumalapit ["ako ngayon ay lumalapit"] upang tanggapin Siya bilang aking Tagapag-pagaling. ["upang tanggapin Siya bilang aking Tagapag-pagaling."] Ipinapahayag ko ngayon ang aking pananampalataya ["Ipinapahayag ko ngayon ang aking pananampalataya"] sa Kaniya ["sa Kaniya"] at sa Kaniyang natapos nang gawa. ["at sa Kaniyang natapos nang gawa."] Kaya't ako'y nakapila rito, ["Kaya't ako'y nakapila rito,"] upang maisagawa ng Iyong mga lingkod ["upang maisagawa ng Iyong mga lingkod"] ang bilin, ["ang bilin,"] na pahiran ako ng langis, ["na pahiran ako ng langis,"] at patungan ako ng kamay, ["at patungan ako ng kamay,"] at manalangin ng may pananampalataya. ["at manalangin ng may pananampalataya."] Ako ngayo'y sumasampalataya ["Ako ngayo'y sumasampalataya"] na Iyo akong pinagagaling. [ "na Iyo akong pinagagaling."]

Ngayon manatili kayong nakayuko.

223 Iya'y panalangin n'yo. Ipagkatiwala n'yo ang inyong sarili sa Diyos. Kung may isa mang pag-aalinlangan, alisin n'yo ito ngayon din. At titiyakin ko sa inyo, walang sinumang dadaan dito nang hindi mapapagaling, kung kayo'y lalapit nang buong-katapatan.

Ngayon ako'y mananalangin para sa inyo.

224 Naku! May nakikita akong negrang kapatid na babaeng nakatayo, tangan-tangan ang isang munting sanggol, isang munting nakatutuwang bagay.

225 Iniisip ko. Noong isang araw, doon kina Junior Cash, ang negrang iyon na naaksidente sa sasakyan at nasira ang pandinig at pagsasalita, hindi na makapagsalita at makarinig. Nakatayo siya roon. Nang ipanalangin ko siya at hilingin sa Panginoong Jesus na pagalingin siya, siya ay nakapagsalita at nakarinig. Nagkaputul-putol ang kaniyang mga ugat, paano itong nangyari? Pinagdugtong-dugtong ng Manlilikha, ng Diyos, ang mga ugat na iyon, at siya ay nakapagsalita at nakarinig.

226 Ngayon, Makalangit na Ama, sa kahabaan ng pilang ito ay nakatayo ang mga taong nagbuhat sa mga bahagi ng bansa, at maging sa ibang bahagi ng mundo. Ang ilan sa kanila rito ay nagbuhat sa Aprika at sa iba't-ibang dako. Mga taga—Ireland, mga Ingles, Aprikano, ang lahat ng mga bansa, ay naparito sa bukal. At inihahatid ko sila sa Iyo, sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanilang pananampalataya. At matapos kong ipaulit sa kanila ang mga salitang ito sa Iyo, sa panalangin, Diyos, na nagmula sa katapatan at kaibuturan ng kanilang puso.

227 Inaaalay ko ngayon ang panalanging ito, ang panalangin ng pananampalatayang makapagliligtas sa may sakit. Diyos, maging mahabagin ka. At idinadalangin kong pagalingin Mo sila, ang bawat isa. Mahal na Diyos, nalalaman kong walang anuman sa akin o sa Iyong mahal na lingkod, na si Kapatid na Neville. Subalit inutusan Mo kami, na kami'y dapat humayo sa buong sanlibutan, pahiran ng langis ang may sakit at ipanalangin sila, ipatong ang aming kamay sa kanila at manalangin ng panalangin ng pananampalataya, at ang sabi Mo'y magliligtas ito sa may sakit.

228 At nalalaman kong mayroon kaming kapangyarihan. Ipinagkaloob Mo Ito sa amin nang ipagkaloob Mo sa amin ang Espiritu Santo. Iyon ang kapangyarihan. At ngayon, Panginoon, pagkalooban Mo kami ng pananampalataya upang paganahin ang kapangyarihang ito.

229 Nakita namin nang bigyan Mo ang mga alagad ng kapangyarihan, at sabihan silang bumuhay ng patay, magpagaling ng may sakit, at magpalayas ng masasamang espiritu, nasumpungan naming sila ay talunan. At sinabi nila sa Iyo, "Bakit hindi namin ito magawa, pagkatapos Mo kaming bigyan ng kapangyarihan?"

Ang sabi Mo, "Dahil sa inyong 'di-pananampalataya."

230 Diyos, alisin Mo ang aking 'di-pananampalataya at ang 'di-pananampalataya ng tagapakinig na ito.

231 At ako ay lumalapit sa Iyo, Panginoon, nang tila ako'y naghihingalo; at ako'y tumatayo sa puwang sa umagang ito, sa pagitan ng buhay at patay. At hinihiling ko sa Iyo, Mahal na Diyos na ang mga ito na nasa gitna, ang puwang, naghihingalo dahil sa kanser, dahil sa mga sakit; o buhay na Diyos, palayasin Mo ang kamatayan mula sa kanila at hayaan mong ang buhay ang pumalit dito, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sumasampalataya ako at dumadalangin at itinatagubilin ang dalanging ito sa Iyo, Panginoon. Habang ipinapatong ko ang aking mga kamay sa may sakit, sa Pangalan ng Jesus Cristo, na pagagalingin Mo ang bawat isa sa kanila, para sa kaluwalhatian ng Diyos at para sa kapakanan ng Ebanghelyo.

232 Ngayon, habang nakayuko tayo. Buong hinay, kapatid na Gertie, manguna ka sa pag-aawitan, *Mayroong Bukal*. Hindi, papalitan ko ito. *Paniwalaan Lang*, mahinay lang, lahat tayo.

233 Kapatid na Neville, pumarito kang dala ang iyong langis na pamahid. Bawat isa'y manalangin. Manghawakan sa Diyos ang bawat isa, sa ating paglisan, patungan sila ng kamay at manalangin.

*Ang Tatak Ng Halimaw*, Vol. 1 No. 2
(*The Mark Of The Beast*, Vol. 27 No. 9)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 15, 1956, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Filipino ay nilimbag noong 1996 ng:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

Copyright notice

All rights reserved. This book may be printed on a home printer for personal use or to be given out, free of charge, as a tool to spread the Gospel of Jesus Christ. This book cannot be sold, reproduced on a large scale, posted on any website other than www.branham.org, stored in a retrieval system, translated into other languages, or used for soliciting funds without the express written permission of Voice Of God Recordings®.

For more information or for other available material, please contact:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org